
Magasin ng Bagong Buhay

Linggo, Disyembre 16, 1951




Pinamahalaan ni EDUARDO DE CASTRO

SISIMULANG ITATANGHAL BUKAS — DIS. 17


Magkaloob ng mga HANDOG na nagpapaningning sa PASKO
Jacinto
RUBBER & PLASTICS CO., INC.
5th AVE., GRACE PARK — Tel. 2-67-67

# Pasko Na...

**Sinulat at mga larawang kuha ni Edvira**

HUMIHIP ang hangin...

Bahagyang kinilig si Mang Porong at sinalat ng palad ang panot na ulong nakaramdam ng lamig. "Kay ginaw-ng simoy..." ang naibulong sa sarili.

Sumalampak si Mang Porong sa may lilim ng punong-bayabas at ipinagpatuloy ang pagkakayas ng kawayang pambakod sa kanilang silong. Nasasagap ng kanyáng pandinig ang sigawán ng mga batang nagsisipaglaro sa kanugnog na bakuran... ang alingawngaw ng nagkakaingay na mga tao sa kalapit na sabungan .. at ang masayang hunihan ng mga ibon sa mga sanga ng punongkahoy. Nagtaas ng mukha si Mang Porong — at namalas niya ang bughaw na kalawakang higit na nagpaparilag sa bawa't tanawing nasaklaw ng kanyang tanaw...

Mga yabag na papalapit buhat sa dakong likuran ang ikinapalingon ni Mang Porong...

"Itay, samahan mo raw akong bumili ng sapatos, sabi ng Inay," ang panganay niyang si Neneng ang dumarating.

"Ha?" napataas ang kilay ni Mang Porong. "Buung-buo pa 'yang sapatos mo, e, sapatos na naman!"

"At sa lagay ba, e, ito ang isusuot ko pagpunta ko sa Ninang? Luma?" Naglambitin ang dalagita sa leeg ni Mang Porong. 'Ibig ko, e bago para makitang pustura ako... at para malaki naman ang ibigay na aginaldo..."

Napatanaw sa malayo si Mang Porong. Nangingiting nagkamot ng ulo. Nawawala nga pala sa kanyang loob. Isang linggo na lamang at isisilang na ang Mesyas... Pasko na!

At naisip ni Mang Porong na Pasko na nga pala kaya napapabili si Neneng ng bagong sapatos, kaya malamig ang simoy ng hangin... marilag ang daigdig... masaya ang bawa't nilalang... at nag-aawitan ang mga ibon!

Iginala ni Mang Porong ang kanyang tanaw... at nakita niya ang kanilang mga kapitbahay — masasaya, larawan ng buhay, bagama't abala sa kani-kanilang ginagampanang gawain...




*Si Mang Iloy ay nangingiting-naiiyak na kung paano. Malapit na ang Pasko at sila'y maglilitson, nguni't naaawa siya sa kanilang baboy na inalagaan niya at pinalaki sa loob ng ilang buwan. Gayunman ay tinatagan ni Mang Iloy ang kanyang loob. Basta lilitsunin nila ang isa upang maging "sariwa" naman ang kanilang Pasko. At pumipili na nga si Mang Iloy ng isang may katamtamang laki na kainamang litsunin.*



*Mamimili na ng mga pagkaing pamasko ang magkumare. Nasa talaan ang hamon, keso de bola, prutas na de-lata, pili, nuwes, asukal, inimbak na karne... at marami pang iba. Mabuti na nga naman ang maaga upang makamura-mura Sa araw ng Pasko ay tiyak na mahal ang lahat ng paninda. Itinatanong ni Kumadre kung hindi kakapusin ang kanilang kuwalta... "Hindi," sagot ni Kumare, "sandaa't limampu ang dala ko pa." Masayang lumakad na ang magkumare.*




*Magbuhat nang bilhin ni Aling Luring ang kanilang "Christmas tree" ay di niya nakakaligtaang pahiyasan tuwing darating ang Pasko. Sinasabitan niya ng maririkit na laruang may iba-ibang kulay. Kung maisasabit nga lamang niya dito pati ang kanyang puso, sana'y ginawa na niya upang lalong dumikit ang kanilang Puno ng Pasko!*





*Sa itaas, kaliwa, ay ang kagawaran sa paglalaba. Dito linalabhan ang mga kayo sa tulong ng mga makabagong makina sa paglalaba. Humigit-kumulang sa sampung lalaki ang naglilingkuran sa departamentong ito. Sa kanan ay ang kagawaran sa pag-aalis ng mantsa. Dito naman sinusuri ang mga damit na nalabhan na upang matiyak na malinis bago tabasin.*

# Mga Damit na Yaring Pilipino na Iniluluwas sa Ibang Bansa



*Isa sa mga yugto ng paggawa ng "baby dress" ay ang pananahi na tinutupad ng may karanasang mga mananahi. Pagkaraan dito ay itinutuloy sa kagawaran ng pagbuburda upang malagyan ng maririkit na palamuting naaangkop sa mga kulay at tabas ng pagkakayari.*

ANG mga damit na yaring Pilipino ay magagara, matitibay at masining kaya mabili sa mga pamilihan maging dito at sa ibang bansa. Bilang katunayan, maraming uri ng damit-pambata, panyolito, kumot at "night gown" ang iniluluwas sa Estados Unidos sa pamumuhunan ng ilang mangangalakal na Amerikano. Masasabing ang kayarian ng mga ito'y 100% Pilipino, sapagka't mula sa paglalaba, pagtatabas, pananahi... hanggang sa pamamalantsa ay ginagampanan ng mga manggagawang Pilipino sa pangangasiwa ng iláng kababayang tumatanggap at namamakyaw ng nabanggit na gawain.

Kabilang sa mga bahay-pagawaang yumayari ng mga panyolito, mga damit-pambata at iba pang kasuotang ipinadadala sa kabilang ibayo ng dagat, ay ang pagawaan ni G. Doroteo Vicencio ng Sta. Lucia, San Juan, Rizal. Ang naturang pagawaan ay binubuo ng ilang kagawarang nasasangkapan ng mga kinakailangang makinarya at kagamitan at pinaglilingkuran ng mga dalubhasang manggagawa, gaya ng makikita sa mga larawang kalakip nito...



*Ito ang kagawaran sa pamamalantsa. Kaiba sa karaniwang mga palantsahin, ang pamamalantsa ng "baby dress," "gown" at panyolito ay lubhang pinakaiingatan upang hindi mapintasan ng mga mamimili. Sa oras-oras ay nagmamasid at nagsusuri ang superintendente ng kagawaran (makikita sa kaliwa) upang matiyak na maayos ang pagkakaunat ng mga damit na itong iniluluwas sa ibang bansa.*



*Ang pagkakabit ng butones at ang paggupit ng mga' pilete ng "baby dress." Ang bahaging ito ay maingat na ginagampanan ng kababaihang may karanasán na sa ganitong gawain.*



*Ito ang pagsusuri upang matiyak na malinis at walang kasiraan ang pagkakayari. Ang gumaganap sa bahaging ito ay ang tagapamahala, sa tulong ng ilang mapagtitiwalaang kawani.*




*Kabilang sa mga huling yugto ay ang pagsasaayos at paghahanda upáng isakahon. Pinakaitngatan ang pagtitiklop at bukod-bukod na isinasalansán na may mga takdáng bilang. Kasunod nito ay ang "delivery" o ang paghahati.*


**Kauna-unahang dating sa Maynila**

ng mga

**Modelong 1952**





PHILCO REFRIGERATOR MODEL 713

Matatamo ngayon sa magaang na paraan ng hulugan. Ang pinakahuling modelo sa mga repriheradorang PHILCO. May Zero Zone Freezer Locker, Quick Chiller Tray, Glass-covered Crisper, Rigid Steel Shelves, 7.2 cu. ft. in the space of a "4," full size Philco. Super Power Unit 1/8 H.P.

**PHILCO**

*Famous for Quality the World Over*

Nangungun sa mga dumating sa Maynila ang mga radyo at repriheradorang PHILCO Modelo 1952. Umuna kayong mag-ari ng isang bagong 1952 PHILCO. Bagong mga katangian ng kayarian para sa inyong kaaliwan sa Pasko.






PT 532. Ang mainam at makapangyarihang kayarian ay bumabagay sa kaakit-akit at makabagong kariktan. Palagiang "magnet speaker," "Beam power pentode audio system." 4 na tubo, saka "rectifier."


**HEACOCK'S** 600


The Store of Quality

ERA


600 Dasmariñas Tel. 3-88-71










## Mga Bakas ni "Amy" . . .

Itinuturing na pinakamalakas sa lahat ng bagyong nananalanta sa Kabisayaan, ang bagyong "Amy" ay nag-iwan ng malalagim na bakas—ang pagkasawi ng maraming buhay at pagkapinsala ng pananim at mga ari-arian. Sa unang larawan sa itaas ay makikita ang isang pook sa may paliparan ng Sebu na nawasak ang lahat ng tahanan. Sa gitna, kaliwa, ay ang bahagi ng purok ng Tejeros na lumubog sa pag-apaw ng tubig. Marami ang nalunod sa pook na ito at ilan ang nasawi sa pagkalagot ng mga kawad ng koryente sa lansangan. Sa gitna, kanan, ay isang bahay na ibinuwal ng malakas na hangin at ipinagkasugat ng ilang naninirahan; at sa ibaba ay isang mag-anak na kabilang sa mga sinalanta ng bagyo samantalang kinakapanayam ng isang tauhan ng Krus na Pula. (Mga larawang kuha ng PNRC)



*At... sabay sa pagsikat ng Tala sa Belen at ng pagtugtog ng mga batingaw ay nagduruyan naman sa galak ang matimtimang puso ni Senyang sa piling ng nagbalik na kabyak...*

**Sabay Sa Pagsikat Ng Tala Sa Belen Ay Muling Nanumbalik Sa Puso Ni Senyang Ang Ligayang Malaon Nang Nawawaglit**

**ni Mario Mijares Lopez**

pinipilit niyang maging matatag ang kanyang damdamin sa mga sandaling yaon.

—Ikaw na rin ang kusang sumisikil sa kalayaan ng iyong puso at pag-ibig, — patuloy pa ni Roberto. — Sa gagawin mong iyan ay naniniwala akong hindi ka magiging maligaya sa iyong buong buhay.

...king mga magulang.

—Hindi ka nila minamahal!

—Wala akong magagawa kung iyan ang iyong paniniwala sa kanila. Nguni't ang nakikilala kong kalayaan ay ang pumailalim sa kanilang mga pagpapasiya sa ikatitiwasay ng aking kaligayahan sa kinabukasan.

# Sabay sa Pagsikat ng TALA sa Belen

BATID ni Senyáng na hindi niya iniibig si Marcelo. Nguni't hindi naman niya magagawang ito'y pagtaksilan. Ipinatali niya ang kanyang puso sa harap ng isang alagad ng kabanalan, at binigkas ng kanyang mga labi, na tinatanggap niyang makaisang-dibdib ang lalaking naghatid sa kanya sa harap ng isang nagniningning na Dambana ng Diyos.

Siya... si Arsenia Matimtiman ay may kakaibang pananalig sa tinatawag na karapatan ng puso at kalayaan ng damdamin. Subali't ang nagiging sanhi ngayon ng kanyang mga lihim na pagluha ay ang pagkakapit ng kanyang pag-ibig sa madilim na bilangguan ng buhay. Hindi nga si Marcelo ang kanyang kaligayahan at pag-ibig. Si Roberto ang nag-iisang ligaya sa kanyang buhay, pagka't dito niya natagpuan ang katamisan ng isang pagsuyong walang maliw... walang hanggan! Gayunma'y naging matatag ang kanyang paninindigan sa pagdadala ng pangalan at karangalan ng lalaking nag-aari ng kanyang buhay at kaluluwa. Ang kalayaan ng kanyang puso (sa tunay na kahulugan nito) ay hanggang doon na lamang sa ikinukubling mga luha sa kanyang mata.

Tila makamandag na lason ang mga pangungusap ni Roberto nang huli silang magkaniig. Maluwag sa kalooban tinanggap niyang lahat ang mga salitang iyong halos dumurog sa kanyang puso at magwasak sa kanyang dibdib.

—Ibig mo lamang masabing isa kang mabuti at masunuring anak!—may hinanakit ang tinig ni Roberto. — Maikakaila mo ba sa akin, na ang gagawin mong pagsunod sa kahilingan ng iyong mga magulang ay tunay na ipinaghihirap ng iyong kalooban? Nagsisinungaling ka, kapag sinabi mong hindi, Senyang!

Nanatili siya sa di pagkibo at

—Patawarin mo ako, Roberto, —marahan niyang pakli, — sakaling hindi naging marapat sa iyo ang aking pagtatanging sinaklaw ng kapasiyahan ng a-

Nang makaalis na si Roberto ay saka naramdaman ni Senyang ang biglang paninikip ng kanyang dibdib at di niya napi-

(Buklatin sa pahina 22)



# TERESITA



**Nobela ni EDUARDO VIANZON RAÑOLA**

SA MUNTING nayon ng Buhanginan, isang nayong bagama't hindi kalayuan sa lunsod ng Maynila ay di naman lubhang nalulukuban ng mga kaugalian at karangyaang sunod sa bagong kabihasnan, ay si Rosalina ang kinikilalang pinakatampok sa mga kadalagahan dahil sa angking karilagan at sa dami ng mga kabinataang nanlilimos ng paglingap. Sa gitna ng pagdaralitang dinaranas sa buhay, nasusunod ni Rosalina ang balang mapita ng kanyang batang puso, bagaman hindi naman masasabing nagpapakalabis. Nakabibili siya ng magagarang damit, nakadadalo sa mga pagtitipon at mga kasayahang idinadaos ng mga kabataan sa kanilang nayon, at nagkapalad pang makatungtong ng hay iskul, bagay na di nahayun ng iba niyang mga kadalaga sa nayong iyon ng Buhanginan. Nasa huling baytang na si Rosalina sa mataas na paaralan sa isang karatig-bayan.

Palibhasa'y kaisa-isang anak na maagang naulila sa kandili ng mapagmahal na ama, si Rosalina at ang kanyang inang si Aling Anday ay dadalawang namumuhay sa lilim ng kanilang maralitang tahanan. Nakararaos sila nang maluwalhati at nakasusunod sa ilang bagay na hinihingi ng pangangailangan sa pamamagitan ng pagtitinda ni Aling Anday ng mga gulay at bungangkahoy sa munting pamilihan ng nayon. Doon nanggagaling ang kanilang ikinabubuhay, sa tulong ng sipag at tiyaga ng matandang ina ng dalaga.

Kabilang sa mga kabinataang nangingibig kay Rosalina ay si Tinoy, isang binatang magsasaka na kababata ng dalaga. Bagaman ang paminimintuho ni Tinoy ay tila walang tinatanaw na bahagya mang pag-asa, hindi nanlulupaypay ang binata. Patuloy din siya sa kanyang matapat na layunin kay Rosalina, sa paniniwalang baka dumating ang araw na magbago ang lakad ng mga pangyayari.

Isang hapong pauwi si Rosalina buhat sa pinapasukang paaralan sa karatig-bayan, ay nakasabay niya si Tinoy na nanggaling naman sa bukid. Ang binata'y may bitbit na isang taling kamoteng-kahoy at may pasang ilang biyas na kawayan.

—Muntik na kitang hindi makilala, Rosalina. Ang akala ko'y kung sino nang artista ang dumarating... — ang pabirong bati ni Tinoy, nguni't ang tuto'y taimtim sa kanyang puso ang pagkakabigkas niyon. Sadyang napakaganda ni Rosalina nang hapon yaon! Sa suot na sutlang puti at sa bulaklak ng rosas na nakapahiyas sa putol at alun-along buhok, lalong lumilitaw ang angking karilagang di alangang iagapay sa alinmang alindog.

Sinulyapan ni Rosalina si Tinoy, bahagyang ngumiti, nguni't hindi tumugon.

—Nababalitaan kong binabalak mo raw na mag-aral sa Maynila pagkatapos mo ng hay-iskul, —muling wika ni Tinoy. —Totoo ba, Rosalina?

—Iyan nga ang balak ko, kung may buhay pa at awa ng Diyos, — tugon ni Rosalina. —Bakit mo naitatanong, Tinoy?

—Wala naman... naiisip ko lang na mangungulila na sa iyo ang ating nayon kung ikaw ay walá na't naroon sa malayo. Wala na kaming mapapasyalan kung mga oras na walang gawain, wala na kaming mahaharana kung gabing maliwanag ang buwan, at wala na kaming...

—Marami namang dalaga rito sa atin, — hadlang na tugon ng dalaga. — Nariyan si Piling, si Mameng, si Marta, si Maring....

—Oo nga, nguni't ang kasiyahang naidudulot mo sa amin ay hindi namin madarama sa harap ng alinmang dalaga dito sa ating nayon. Ibang-iba ka kaysa kanila, Rosalina.

—Iyan lamang ang sabi mo. Nguni't sa katotohana'y nagkakamali ka, Tinoy. Saka... bakit ba iyan ang ating pag-uusapan. Ang pagtungo sa Maynila ay isang balak ko pa lamang naman. Ni hindi pa man lamang ako nakatatapos ng hay-iskul. Hindi ko malaman kung matutuloy ang balak kong iyon. Baka hindi pumayag ang Inay.

—Nalalaman kong papayag si Aling Anday. Sa mula't mula pa'y wala na siyang sinikap at nilunggati kundi ang iyong magandang kinabukasan. Nasabi pa ngang minsan sa akin na gagawin nila ang buong makakaya upang maitaguyod ka sa iyong pag-aaral. Iyan daw ang kanilang pinakapapangarap — ang makitang balang araw ay nakatapos ka ng ano mang karerang nais mong kunin. — Titigan ni Tinoy si Rosalina. Ang liwanag ng kanyang mga mata'y natalsikan ng bahag-



*Nang paluwas na sa lunsod si Rosalina ay inihatid siya ng mga kanayon sa himpilan ng trak, kasama ang lumuluhang si Aling Anday at si Tinoy na namimighati rin sa paglisan ng pinakamamahal na kababata...*

**Nagsisimula Tayong Tumunghay Sa Isang Kasaysayang Natitigib Ng Madudulang Tagpo Na Kaipala'y Maghahandog Sa Mambabasa Ng Isang Kapanapanabik Na Wakas**

yang kalungkutan. — Ang inaalaala ko'y baka makalimot ka na sa amin kung magkaroon na ng katuparan ang balak mong pagpapatuloy ng pag-aaral sa Maynila. Naroon ang lahat ng bagay na kawiwilihan ng iyong damdamin: mga tugtugin, kasayahan, maririkit na ilaw, magagandang gusali, at ... makikisig na binata. Baka sa piling ng lahat ng iyan ay mawaglit na kami sa iyong alaala lalung-lalo na akong isang maralitang... kababata.

—Marahil nama'y hindi mangyayari ang gayon. At kung sakaling magkagayunman, ako na ang una-unang mamumuhi sa aking sarili, pagka't ituturing kong ako'y walang utang na loob na madaling magtakwil sa mga bagay na naging bahagi na ng aking buhay. Ang ating nayon at ang mga tapat na kaibigang naging kasama-sama ko sa panahon ng aking kamusmusan ay hindi ko maaaring malimot, kailanman.

—Muling sinulyapan ni Tinoy ang dalaga. Nakadama siya ng manipis na kasiyahang sumuno sa kanyang puso.

Nagpalipat-lipat na sa kung-anu-anong paksa ang kanilang usapan hanggang sa makarating sila sa may bakuran nina Rosalina na halos hindi nila namamalayan. Nguni't ni isang kataga ay hindi bumanggit ang binata tungkol sa kanyang pag-ibig. Nalalaman niyang ang pagungkat sa suliranin ng kanyang puso ay magiging pangit sa gitna ng daan. May tahanan sina Rosalina, at doon ang tanging pook na dapat banggitin ang mga bagay na may kaugnayan sa pag-ibig o pangingibig ng isang talisuyo.

Nag-aabang na sa pintuan si Aling Anday. Masayang sinalubong ng matanda ang dalawa...

—Mabuti't nagkasabay kayo, Tinoy. Talagang ibig ko na sanang sunduin si Rosalina pagka't parang sinusundot ako rito sa bahay. Kasi'y may ibinalita si Pareng Tibo. Isang dalaga raw sa may Hulo ang dinukot ng isang nanliligaw. Kahapon lang nangyari.

—Wala naman po marahil gagawa ng gayon kay Rosalina. Hindi naman kayo mahigpit. Malayang nakapapanhik sa inyo ang sinumang may nais mangibig sa inyong anak, — ani Tinoy.

—Hari na nga sanang walang makaisip ng gayon sa anak ko, sapagka't kami'y wala namang masamang ipinakikisama sa kapuwa. Nguni't hindi rin natin masasabi. May mapupusok na kaloobang hindi na nakakakilala ng masama at matwid. Kaya nga ang mabuti'y magingat. Mahirap na ang magsisi. Magmula ngayo'y susunduin ko na at ihahatid si Rosalina sa pagpasok sa paaralan. Buti na ang gayon. Panhik ka muna, Tinoy...

—Huwag na po, Aling Anday. Hihintayin ako ng Tatay. Hayaan ninyo't saka na...

At lumakad na ang binata matapos iwanan ng titig ang dalagang linalangit.

---

Gaya ng balak ni Rosalina, nang dumating ang bakasyon na makapagtapos na siya ng haiskul ay ipinagtapat niya sa ina ang hangad niyang mag-aral sa lunsod upang kumuha ng Normal. Hindi naman tumutol si Aling Anday, bagkus sinabing iyon din ang kanyang nais, ang maging isang guro si Rosalina.

Kaya nang muling magbukas ang mga paaralan, naghanda na nga si Rosalina upang lumuwas ng Maynila.

Nang umagang paalis na ang dalaga ay napuno ng mga kanayon ang tahanan nina Aling Anday. Karamihan sa mga nagsadya sa tahanan ng mag-ina ay ang mga kaibigang dalaga't binata ni Rosalina. Bawa't isa'y nagpapabaon ng magagandang hangarin sa paalis na kaibigan, paulit-ulit na sinasabing huwag sanang makalilimot, at sunud-sunod ang mga habiling lagi sanang liliham kung naroon na sa lunsod.

—Makaaasa kayong lahat na hindi ko kayo iwawalay sa akin gunita, — namumula ang mga matang wika ni Rosalina. —Ang inyong mga payo at ang mga pag-aalaalang pabaon ninyo sa akin ay siyang magsisilbing katig sa aking pakikipagsapalaran sa lunsod upang maluwalhating matamo ang karunungang pinapangarap kong angkinin.

Nang ihatid ni Aling Anday sa himpilan ng trak si Rosalina ay kasama rin ang mga kaibigan, gayundin si Tinoy na nalalarawan sa buong kaanyuan ang malabis na kalungkutan. Pinakadaramdam ng binata ang paglayong iyon ng tanging babaing pinakamamahal niya sa buhay. Sinusundot siya ng mga alalahanin at pangambang maaaring kahantungan ng mga pangyayari. Ang dalawang taong ipamamalagi ni Rosalina sa lunsod ay hindi maikling panahon. Sa


(*Buklatin sa pahina* 30)

MAGDIWANG!




GINEBRA SAN MIGUEL

LA TONDEÑA, INC.
618-652 ECHAGUE, MANILA TEL. 3-26-10



*Sa unang larawan sa kaliwa ay makikita ang ayos ng bangkay ni Moises Padilla nang matagpuan sa pook na pinangyarihan ng kakilakilabot na krimen. Sa isa ay ang kabaong na kinalalagakan ng nasawi nang binubuhat ng mga maykapangyarihan upang dalhin sa siyudad ng Bakolod.*

# Sa Puntod ni Moises S. Padilla

## Hinahawi Sa Ulat Na Ito Ang Tabing Sa Naganap Na Terorismo Sa Negros At Sa Itinuturing Ngayong Krimen Blg. I Ng Taon

**Sinulat ni BENJAMIN V. CONDINO**

INA, huwag kang lumuha. Dapat ninyong ikagalak ang pagkakaroon ng isang anak na nagpakasakit alang-alang sa ikatatahimik ng ating bayan. Walang anuman ito. Huwag kang lumuha. Mama...!

Mga katagang nagbuhat sa puso ng isang bayani. Pangungusap na namulanggos sa mga labi ng isang martir. Pag-aliw ng isang naghihirap na anak sa isang lalo pang naghihirap na ina.

Ito ang mga pangungusap na tanging narinig ni Gng. Maria Sotto de Padilla na inusal ng kanyang anak na si Moises S. Padilla, natalong kandidatong NP sa pagka-alkalde ng Magallon, Negros Oksidental, nang dalawin niya ito sa bilangguang-bayan ng Magallon, sampung oras ang nakaraan matapos dakpin ng mga pulis at pulis espesyal ng lalawigang iyon noong ika-15 ng Nobyembre, 1951.

At lumisan ang ina na ang tanging nakalimbag sa isipan ay isang kahabag-habag na anyo sa likod ng malalagim na rehas ng bilangguan: pasa-pasang mukha, duguang katawan at damit, at natatanikalaang mga kamay. Isang larawang hindi niya malilimot kailan man.

Dalawang araw mula noon ay nakita na lamang ang salanta at duguang bangkay ni Moises Padilla na nakalatag sa isang bangko sa pamahalaang-bayan ng Magallon.

---


LIMANG BUWAN pa lamang bago dumating ang nakaraang halalan, si Moises Padilla ay tinagubilinan na ng kanyang matatapat na kaibigan na mag-ingat sapagka't sinusubaybayan siya ng mga lihim niyang kaaway. Nguni't taglay ang matibay na pananalig sa katarungan, ipinagpatuloy ni Padilla ang kanyang hangaring makapaglingkod sa bayan. Nagbunsod siya ng kandidatura sa pagka-alkalde ng Magallon sa ilalim ng NP.

Si Gobernador (suspendido) Rafael Lacson, sa pamamagitan ng mga sariling kinatawan ay napag-alaman noong nagmungkahi kay Padilla na mag-urong na kandidatura bilang pagbibigay-daan sa kalaban niyang kandidatong LP na itinataguyod ng gobernador. Nguni't matatag na ang pasiya ni Padilla.

Sa halip, humiling siya sa Kalihim Ramon Magsaysay ng tanggulang bansa na pagkaloob an ng ilang tanod sa panahon ng kanyang kampanya sa pulitika. Ilang kawal ang itinalagang magtanod sa kanya. Nguni't tatlong araw bago maghalalan ay binawi ng isang hindi kilalang pinuno ng hukbo ang mga tanod sa utos umano ng mga "nakatataas".

Mula noon ay hindi na natahimik ang buhay ni Padilla. Hindi siya makatulog sa sariling tahanan dahil sa walang patlang na pag-uusig ng mga pulis. Noong ika-14 ng Nobyembre ay ipinagbigay-alam sa kanya ng ilang kaibigan na pinaghahanap siya ng mga pulis espesyal kaya't nagtago siya na kasama ang limang kaibigan at mga lider sa tahanan ni Dr. Alfredo Hermano sa kalapit na bayan ng Isabela. Datapwa, sa unang mga oras ng madaling-araw ng Nob. 15 ay dinakip siya at ang kanyang mga kasamahan ng mga tanging pulis na pinamumunuan ni Ernesto Camalon. Sang-ayon sa ipinahihiwatig ng mga ulat ng pulisya ay "dinakip si Padilla nang ika-9:00 ng umaga, Nob. 15," samantalang sa kabilang dako ay nilagdaan ang pahintulot ng pagdakip ng hukom-pamayapa nang ika-11:00 ng umaga, o pagkaraan ng dalawang oras matapos siyang dakpin.

*Buong paghihirap ng loob na minamasdan ni Gng. Maria Sotto Gonzales Padilla ang nakaburol na bangkay ng kanyang kulang-palad na bunso...*



Ang sanhi ng pagdakip kay Padilla ay ang umano'y pakikipag-isa niya sa mga kilusan ng mga manliligalig, bagaman ang ganito'y hindi pinagtibay ng mga tagapagsiyasat dahil sa katangi-tanging rekord ni Padilla bilang isang lider ng gerilya sa panahon ng pananakop ng mga hapones.

Si Padilla ay inihiwalay sa kanyang mga kasamahan, at nang iharap sa Alkalde Claudio Montilla upang "siyasatin" ay pasa at namamaga ang mukha at kapuwa pisak na halos ang mga mata niya. "Siniyasat si Padilla sa tahanan ng Alkalde Montilla sa pamamahala ni Tenyente Norberto Jabonete ng pulisya ng lunsod. Muling isinama siya sa kanyang mga kasamahan nang mag-uumaga. Isinakay sa isang trak patungo sa Magallon, at bago inihatid sa bilangguang-bayan, si Padilla ay idinaan muna sa tahanan ng nakalaban sa pulitikang si Jose Gayona.

Nang hapon ng araw na yaon naganap ang nakahahambal na pagtatagpo ng ina at anak. Luhaan si Gng. Maria Sotto de Padilla na nakiusap sa anak na kanin ang dala niyang pagkain. Bagama't hindi makakain ay pinilit ng anak na madulutan ng kasiyahan ang ina sa pamamagitan ng ilang subo. At sa pagdadala ng kutsara sa bibig na magtatabing sa ikikilos ng kanyang labi sa nangakamatang tanod ay nasabi ni Padilla sa ina ang "Makipag-alam... Magsaysay."

Hindi na bumalik sa sariling tahanan ang matandang babae at sa kabila ng kawalan ng pera at kahirapan ng paglalakbay ay pinagsikapang makarating sa Maynila upang makapagsumbong sa Kalihim Magsaysay.

Nguni't makalipas lamang ang gabing yaon sa bilangguang-bayan ng Magallon ay inihiwalay na muli sa kanyang mga kasama si Padilla. Ipinahayag ng ilang saksing kinabibilangan ng kanyang kapatid, si Priscilla Padilla, na inilabas sa bilangguan si Moises na napoposasan ang mga kamay at binugbog sa libingang bayan. Pagkatapos ay muling inihatid sa piitan. At kinabukasan, kasama ang pinsan nitong si Ray Enrico Padilla, ay inihatid sa Bakolod na ayon sa mga ulat, ay hindi naging tuwiran, kundi pinag-uumog muna sa iba't ibang pook, at "ipinarada sa mga nayon" na parang isang isinumpang nilalang.

Nang gumabi, sa naghihingalong kalagayan ay dinala si Mosies Padilla sa nayon ng Tabao, isang kilometro buhat sa bayan ng Villadolid at dito'y binistay ang kanyang katawan ng maraming punlo dahil sa umano'y "pagtatangkang tumakas."


Kinabukasan, ang duguan at tadtad ng punlong bangkay ni Padilla ay inihatid ng mga tanging pulisya sa pagamutang panlalawigan. Inilipat ito kaagad sa morge at nang hapon ng Sabado ay inihatid at inilatag ang walang buhay na katawan sa isang bangko sa pamahalaang-bayan ng Magallon. Dito ito naratnan kinagabihan ng Kalihim Ramon Magsaysay na sa malaking pagkaawa ay iniutos na ihatid sa Maynila upang mabigyan ng karampatang paglilibing sa pamamahala ng hukbo.

Samantala, ang katarungan at batas ay unti-unting kumilos sa Maynila sapul nang dumating si Gng. Sotto de Padilla sa lunsod at luhaang dumaing sa tanggapan ng Prokurador Heneral.

Sunud-sunod ang mga kaunlarang naganap pagkatapos. Isang buong batalyon ang ipinadala

(*Buklatin sa pahina 30*)


MARAMING *Mapaggagamitan*




Ang Eternit Abestos Cement Sheets, kilala sa kalamigan at pagtatagal, ay tumutugon sa kalagayan ng panahon sa Pilipinas, Sila'y magagamit sa anumang pagtatayo ng gusali.

Tanging ang pinakamabuting semento ng Philippine Portland at inangkat na matataas na uring himaymay ng asbestos ang ginagamit sa pagyari ng Eternit Sheets.

Ang Eternit Cement ay mura kaysa ibang "matibay na sangkap" sa pagbububong.

*Tanungin ang arkitekto. Nalalaman niya*

**Eternit CORPORATION**

Mga Agente: **THEO. H. DAVIES & CO., FAR EAST, LTD.** AYALA BLDG., MANILA
**AMON TRADING CORPORATION** BONIFACIO DRIVE, PORT AREA, MANILA

Sumulat at humingi ng mga prueba

# Siyam Na "Ama Namin" ... Siyam Na GABI...

**ni Rosario L. Jose**

**ANG PANINIWALA SA ISANG PAMAHIIN AY LUMIKHA NG DI INAASAHANG PANGYAYARI SA BUHAY NG ISANG MARILAG NA DALAGA**

MINSANG mapangiti't minsang mapailing si Celso sa naririnig niyang pagkakatuwaan ng tatlong dalagang nagsisipagburda sa patahiang nasa sa kanilang silong. Sa kanyang pagiisa at matahimik na pagtutungkos ng singkamas sa tabingbahay ay maliwanag na dumarating sa kanyang pandinig ang tinig ng kanyang kapatid na si Puring na siyang tila walang sawa sa kasasalita na tinutugon naman ng masasayang tawanan nina Gloria at Claring.

—Walang halong biro nga, talagang totoo ang sinabi ko, — wika pa ni Puring. — Ang Impong Teray ko ang may sabi nuon. Nasubukan na daw niya at nagkatotoo naman.

—Ow... hindi yata ako makapaniniwala. Ang lagay ba'y magsisindi ka lamang ng kandilá sa harap ng salamin ay malalaman mo na kung sino ang iyong mapapangasawa? — himig alinlangang pakli ni Gloria.

—Aba! May kasamang dasal pa 'yon. Siyam na gabi kang magdarasal ng siyam na *Ama Namin.*

Napakunot ang noo ni Celso. Sa pagkukuwento ng kanyang Impong Teray noong ito'y nabubuhay pa ay lagi siyang kaharap at nakikinig; at ang bawa't ikuwento ng matanda ay malinaw pang nakalimbag sa kanyang alaala at maaari pa niyang maisalaysay nang walang kulang at walang labis. Subali't ang isang ito na sinasabi ni Puring ay tila ngayon lamang niya narinig. Wala siyang matandaang ikinuwento ang Impong Teray nila na magdarasal ng siyam na *Ama Namin* sa loob ng siyam na gabi... Lihim na napangiti ang binata. Marahil ay katha-katha lamang ni Puring yaon. Sariling kuwento nito na tulad ng ginagawa ng kanilang Impo na mahusay hahalaw ng mga kuwento tungkol sa mga multo, asuwang at mga maligno.

—Tayka, liwanagin mo nga nang masubok naman namin. — Bahagyang napakislot sa pagkakaupo si Celso. Si Claring ang nagsalitang iyon. Hinding-hindi niya maaaring maipagkamali sa iba ang malambing na tinig na iyon ng kaibigan ng kanyang kapatid. May kung anong kapangyarihang nagbunsod sa binata upang umusad pa ng bahagya sa tapat ng mababang durungawang kinaroroonan ng tatlong dalaga. Nagkaroon siya ng pananabik na marinig ang iba pang paguusapan ng mga iyon.

—O, sige, ganito... ayon daw sa isa naming ninuno, kailangang magdasal muna ng siyam na *Ama Namin* sa gabi-gabi. Ngayon.... — huminga nang malalim si Puring bago nagpatuloy. — Ngayon... pagsapit ng ika-siyam na gabi, pagtugtog ng alas-dose... 'yong inaakala mong nahihimbing nang lahat ang mga kasambahay mo, ay magsindi ka ng isang kandila at humarap ka sa salamin. Duo'y maliwanag mong makikita ang mukha ng iyong mapapangasawa.

Muntik nang mapabulalas ng tawa ang binatang nakikinig. Kuhang-kuha ng kanyang kapatid ang "stroke" ng kanilang Impong Teray. Pati na ang paulit-ulit na "ngayon... ngayon" nito na nagpapaibayo sa pananabik ng mga nakikinig ay namana din sa matanda.

—E, di ginawa nga raw ng Impong Teray ko 'yun,... at alam n'yo kung sino ang nakita niya? Ang Ingkong Bosiong ko! Kita naman n'yo, ang Ingkong ko nga ang napangasawa niya!

Sa malas ay natangay din ni Puring ang paniniwala ng dalawa niyang kausap. Walang



*Nawatasan ni Celso ang kahulugan ng di pagtugon ng dalaga. Hinawakan niya ang kamay nito at pamuling nagsalita...*

kaimik-imik at waring taimtim na pinagmumuni-muni ng mga ito ang kanyang mga paliwanag.

—Nguni't papaano kung hindi makapag-aasawa? 'Yung talagang tatanda na lang dalaga, sino ang makikita? —masusing usisa ni Gloria.

—A, e... kuwan.... —saglit na nagbantulot ang tinanong. Subali't matapos basain ang tila pinanuyuang mga labi ay pamuling nagsalita. —Isang nakatalukbong ng itim ang lalabas, isang kalansay!

—Susmaryosep!— magkapanabay halos na nasambit ni Gloria at ni Claring.

—Ku! Bakit ba kayo mangatakot. Sa ayos ninyong iyan e, malayo kayong magsitandang dalaga, —pamawing-sindak na wika ng kapatid ni Celso. —Lalung-lalo na itong si Gloria... pihadong si Dadoy ang makikita nito.

—Oy... oy! Hindi na ako mag-aaksaya ng dasal kung ang buwisit na iyon lamang ang pakikita sa akin, —anang tinukso na sinundan pa ng piksi. —Magpapakatandang dalaga na ako!

—Aaa... ito nga palang si Claring, —ang napagbalingan naman ni Puring ay ang katabi niyang ngingiti-ngiti lamang na nakikinig. —Baka pagkakataon na ito para makilala mo si Luksang Paruparo.

—Oo nga, ano? Baka ang lihim na tagahanga niyang iyon ang siyang makita niya sa salamin! —susog ni Gloria na binitiwan na ang kanyang binuburdahan at ang hinarap ay ang kaibigan. — Malay natin, ha... sa dinalas-dalas ba ng pagsulat ng taong 'yon ay di pa makuhang paibigin ito?

Biglang napataaas ng ulo ni Celso. Luksang Paruparo... isang lihim na tagahanga ni Claring? May kakaibang liwanag na kumislap sa mga mata ng binata. Dahan-dahang inilapag ang mga singkamas na pinagtutungkus-tungkos at patiyad halos na sumilip sa likod ng malagong "dama de noche" nakakapit sa bintana.

Hindi tumugon si Claring. Isang mahinang tawa lamang ang pumulas sa kanyang mga labi bago pamuling tumungo sa kanyang ginagawa.

—Sige Claring, subukin mo 'yung sinabi ni Puring at nang malaman natin kung si Luksang Paruparo nga o si Ponso... o baka naman si Ponsio Pilato ang magiging suwerte mo.

—Sino? Sinong Pilato ang sinasabi mo, ha Gloria? —napagulat ang tatlo sa biglang pagsabad ni Aling Badang na hindi nila namamalayan ay bumababa pala sa hagdan at papalapit na sa kanila. Sa malaking kabiglaanan ay para-parang natigilan ang magkakaharap at nangawalan ng imik.

Si Puring ang unang nabuhayan ng loob. Palihim na kinindatan ang dalawang kaibigan at siya nang sumagot sa kanyang Ina. — Naku, wala ho, Inang, nagkakatuwaan lang kami.

Hindi na umakyat pang muli ang matandang ina ni Puring.

Nakiumpok na ito't tumulong sa kanilang pagbuburda kung kaya humangga na lamang duon ang masasayang pagbibiruan ng magkakaibigan at ang naasikaso ay ang kani-kanilang tahiin. Samantala'y naghihintay pa sana't umaasa si Celso na makaririnig pa ng mga bagay-bagay tungkol sa sinasabing mahiwagang talisuyo ni Claring, nguni't inabot na rin ng pagkainip sa kanyang pangungubli sa likod ng malagong halaman sa may durungawan. Buong panghihinayang siyang bumalik sa kanyang gawain.

Kinahapunan... nang umuwi ng bahay si Claring ay nadatnan niya sa ibabaw ng kanilang masita ang isang liham. Nakilala niya kaagad ang sulat-kamay na nakatitik sa sobre at tuloy nahulaan kung sino ang nagpahatid nuon. Nangingiting dinampot ito ng dalaga at tuluy-tuloy nang pumasok sa kanyang silid. Duo'y maingat na pinilas ang isang dulo nito at dahan-dahang ilinabas ang isang manipis na papel.

Anang liham:

**"Tanging sa iyo, Claring:**

**Maaaring kinayayamutan mo na ang malimit kong pagliham na ito sa iyo at dahil diya'y buong pagpapakumbaba akong humihingi ng paumanhin. Tinangka ko nang pigilin ang aking sarili, subali't hindi ko masansala ang aking panulat na buong kapangyarihang inaatasan ng aking puso na minsan pang ipahatid sa iyo ang wagas at walang kapantay kong pag-ibig.**

**Di mo lang batid, Claring, kung gaanong pagpapakasakit ang binabata ko sa mga sumandaling ito. Dahil sa taglay kong karalitaan ay di ko maihantad ang aking sarili upang ihibik sa yo nang harapan ang isinasamo kong pag-ibig. Wala akong yaman... lalong walang dunong na maipagmamalaki, at hindi maiaagapay sa di mabilang mong talisuyo. Tanging ang dalisay kong pagsuyo ang maiaalay ko sa iyong mga yapak.**

**Nguni't sa kabila ng lahat ng iyan ay pagsusumikapan kong maging karapat-dapat sa iyong pagtatangi. Magpupunyagi ako upang kung sakali'y hindi ako madungo at magkaroon ng sapat na lakas ng loob na dumulog sa iyo't ihandog sa iyo nang harapan ang sinisimpan kong pag-ibig.**

**Sa aking pagwawakas ay bayaan mong minsan ko pang ulitin na pinakaiibig kita, Claring... pinakatatangi...**

**Luksang Paruparo**

Kasabay ng pagbababa ng tinutunghayang liham ay isang malalim na buntong-hininga ang hinugot ni Claring sa kanyang tila naninikip na dibdib. Waring ang bawa't katagang nakatitik duo'y isa-isang tumimo sa kanyang puso...

—Sino kaya siya?—pabulong niyang naitanong sa sarili. —Hindi kaya si Lope? A... hindi! —at napailing ang dalaga. Si Lope nga pala'y nanliligaw na ngayon kay Gloria. Kamakailan lamang ay nagdala ito ng harana sa kanyang kaibigan. Pamuli siyang nag-isip. Hindi naman maaaring maging si Ramon, pagka't ang isang ito'y hindi kiming tulad ni Luksang Paruparo. Palibhasa'y nabibilang sa angkan ng mayayaman sa kanilang bayan kung kaya wala itong pangimi kung mangusap, marahas kung kumilos. Lalo namang hindi magiging si Doktor Reyes yaon, lumiliham nga ang matandang ito nguni't hindi pa nag-iinit ang sulat sa kanyang mga kamay ay kasunod na itong pumapanhik.

Napapailing na tumungo sa durungawan ang dalaga at nagbubulay-bulay na ipinukol sa malayo ang tingin Humantong ang kanyang pananaw sa burol na siyang hanggahan ng maliit nilang taniman at ng sakahan nina Puring. Napuna niya ang pagiging aliwalas ng bukirin nina Puring. Nahukay na marahil ang mga singkamas sapagka't mangilan-ngilang dahong

(*Buklatin sa pahina 30*)


*Opo... ang PASKO ay nangangahulugan ng masarap na pagkaing luto sa Mantikang*




**CENVOCO**

**ANG PINAKAMABUTING MANTIKA PARA SA LAHAT NG URI NG LUTUIN!**

Maging ano man ang inihahanda ninyong pagkain sa Pasko at Bagong Taon, ang CENVOCO ay makatutulong sa inyo . . . . sa pagpapasarap, pagpapalinamnam at pagiging maginhawa ng inyong pagluluto!

### May Mga Pusong Wala Nang Sinisikap Kundi Makapagdulot Ng Kaligayahan Sa Kapuwa — Katulad Ni Elisea Na Hindi Nagtugot Hangga't Di Napaligaya ang Kanyang Tiya

## Kuwento ni Conrado Angeles Mendez

**NAMUMUKADKAD sa panariwa ng mga talulot — ang pag-ibig ko'y isang bulaklak...**

Matalinghaga ang ibinulong ng mga labi ni Viving, sabay sa pagtutop sa dibdib upang huwag mabulalas ang tinitimping damdamin. Kay-sakit sumugat ng alaala!

Tumungò si Viving sa bintana; may kurtinang bughaw — katulad ng nakaraang Pasko. Nakasabit ang tatlong parol sa durungawan — may iba-ibang kulay.

—Hindi na babalik ang nakaraan...

Nagsusumigaw ng pagtutol sa katotohanan ang damdamin ni Viving.

—Hindi na nga... — nakikiayon ang nagkakalambong na paningin ni Viving. — hindi na nga... hindi na!

Sa ibaba ng durungawan, sa lansangan, ay yao't dito ang maraming kaluluwang kababakasan ng kasiglahan. Katulad din siya ng mga kaluluwang yaon... noong nakalipas.

Ibinaling ni Viving ang paningin sa bulwagan. May isang *krismas tri;* sari-saring bagay ang nangakabitin; kumiwal-tumigil sa hihip ng hangin. Tumingala si Viving. Sa tuktok: may isang kandila, bago, hindi nasisindihan... kaibang-kaiba sa kandila ng kanyang buhay.

Bumukas ang pintuan sa gawing likuran ni Viving. Tumambad si Elisea; larawan ng kasariwaan, ng kaligayahan, ng tila walang pagmamaliw na kagandahan. Gayon din siya noon. Datapwa labingwalong taon na ang nakalipas buhat noon, natatandaan niya.

Unti-unting nakukuyumusan ng ibang damdamin ang sigla sa mukha ni Elisea; unti-unting nagkakabahid-pagtataka, ng panggigilalas, ng pag-uusisa.

—Tiyang....!

Napigil sa pagpatak ang nagbabalang luha sa mga mata ni Viving. Ayaw niyang makita ni Eliseang siya'y lumuluha. Nais niyang sarilinin ang lahat! Minamahal niya si Elisea... bilang isang tanda, isang alaala, isang hiyas.

—Nalulungkot ka, tiyang... Pasko pa naman.

Tinitigan ni Viving si Elisea. Isang larawan ng kawalang malay. Hindi kataka-taka. Labingwalong taon pa lamang si Elisea, kasintanda ng unang hagkis ng kalungkutan sa kanyang puso.

—Huwag mo akong alalahanin, Eli... — Pilit ang ngiting bahagyang namilaylay sa mga labi ni Viving. — Talaga 'atang ganoon ang taong tumatanda.

Bata pa sa suliranin ng puso si Elisea, subali batid niyang may nais ikubli si Viving... ang kanyang tiya. At siya'y maunawain, mapagbigay.

—Ilan na ba kayo, tiyang?

Ngumiti uli si Viving. — Ba'y tatlong pu na...

—E, ang nanay, tiyang?

—Tatlong pu't tatlo sana...

—Inayos ni Viving ang pagkakagusot ng buhok na nakalawit sa noo ni Elisea. — Buweno, diyan ka muna at mag-aayos ako sa kusina.

Tumalikod si Viving.

At, napag-isa sa bulwagan si Elisea.

Tinungo ni Elisea ang durungawan. Isang larawan ng tila walang katapusang kaligayahan. Tumaas ang paningin ni Elisea. Sa dako pa roon... May mga parol ang mga bahay, may serpentinang papel na nakagayak sa mga lansangan. Naggalaw-galaw. Nagkiwal-kiwal. Pumakaliwa ang paningin ni Elisea. Nagkakaisa ang lahat ng dako. May dumarating. Isang nagagayakang *kotse*. Nahihiyasan ng pinagkabit-kabit na bulaklak na papel.. mapuputing papel.

—May ikakasal. .

Napadaop ang mga palad ni Elisea sa tapat ng dibdib; malakas ang kaba, kakaiba ang pintig. Isang magandang tanawin ang lumantad sa diwa ni Elisea. Isang maayang langit! Isang daigdig na luntian, batbat ng pagasa ng lunggatiin, ng kaligayahan.

—Huwag sanang mabibigo ang aming pangarap... — May dalangin ang bulong ni Elisea — Ikamamatay ko...

Lumikmo si Elisea sa kalapit na *sopa*. Saglit na itinuon sa kalawakan ang paningin; sa dako pa roong bawa't bagay ay butil ng pangarap. At sa pagkakaupong yaon ay tumimil ang galaw ng buhay sa katauhan ni Elisea; nakisanib ang damdamin sa kanyang diwang kaugnay ng makulay na pangarapin, at ang kanyang puso'y nakiisa sa himagal na hinga ng buhay sa kanyang dibdib.

At, namataan ni Elisea ang kahon sa tabi. Iyon ang kahong naiwan at hindi naitago ni Viving. Nagbantulot ang mga kamay ni Elisea sa pagdampot sa kahon. Ngayon lamang nakita ni Elisea ang kahong yaon .. pagkaraan ng labingwalong taon! Umanyo si Eliseang kunin ang kahon. Gumalaw ang mga kamay ni Elisea.

—Eli...., — ipinatda ang kamay ni Elisea. Si Viving ang tumawag. Dahan-dahang lumingon si Elisea sa gawing kusinaan. Nagtama ang kanilang mga paningin. —Aalis muna ako Eli...

Dahan-dahang nabuhay at lumuwag ang mahigpit na daloy ng dugo sa mga ugat ni Elisea.

At, wala nang pag-aalinlangang gumalaw ang mga kamay ni Elisea.

Lumadlad sa pagkakatiklop ang isang liham. ..

*(Buklatin sa pahina 28)*



# Paskong MALUWALHATI

# Pasko



Iyang "paskong-tuyo" ng "walang-makain",
di Pasko ng abang datnan at abutin;
masasabi ko pang kung dilidilihin,
higit na mapalad sa may-panimdimin.

Habang nagsasayaw ang nananagana,
lumuluwalhati ang laki sa luha;
kung ligo sa alak ang labing-pasasa,
may hamog ng langit ang isang kawawa.

Noong hindi ko pa kilala ang hirap,
malikmatang-tuwa ang kadaop-palad;
nang ako'y maratay na walang lumingap,
pagtingin ng Diyos ang kusang hinanap.

At, aking nadamang ang talagang diwa
ng Pasko'y panlangit at hindi panlupa —
liwanag ng buhay na sumasanghaya
sa puso ng isang nagpapakababa.

En. C. Aglcham




AUTHORIZED BOTTLER San Miguel Brewery

TUNE IN THE MARIO LANZA SHOW DZPI-Wednesdays 8:00 P. M.
DZMB - Sundays 8:00 P. M.

# PASKO Rin Noon...

HAPON noon ng ika-dalawampu't apat ng Disyembre.

Sa bulwagan ng magara at malapalasyong tahanan ni don Lucio ay panauhin niya ang kanyang pamangkin, si Luis Villaroma, batambatang mananggol, na gayong iisang taon pang nakasusulit sa pamahalaan ay marami nang naipagtagumpay sa mga hukuman.

—Ano, Luis, maaga mo akong nadalaw ngayong Paskong ito. ... — bungad ng matanda sa dumating na binata.

—Opo, tiyo, at suliranin sa pag-ibig ang nagtaboy sa akin upang dumulog sa inyo.

—Aha...! Suliranin ng puso pala! — agap na muli ni don Lucio. — Salamat kung hanggang sa mga bagay na iyan ay hindi mo ako nakakaligtaan. Sino ang mapalad na babaing magtataglay ng iyong pangalan?

—Si Luisa, tiyo Lucio. Si Luisa Romasanta, ang kaunaunahang manggagamot na babae sa ating bayán na pararangalán ngayong gabi sa bangketeng idaraos sa bahay-paaralan. Nagkasundo kaming bago sumapit ang ika-walo ng gabi ay makikipag-usap kami ng papa sa mama niyang si donya Concha. Datapuwa't ang suliranin ko, tiyo Lucio, ay ang pagtanggi ng papa na pakialaman at pamagitanan ang aking kapakanan.

—E, bakit ayaw makialam si Ricardo sa suliranin mong iyan? Ano naman ang matuwid niya sa pagtanggi?

—Iyan nga, tiyo Lucio, ang hindi ko maunawaan. Nagmamatigas siya sa isang dahilang totoong napakababaw. Hindi niya tinatawaran ang lahat ng katangian ng aking mahal, subali't di-kuno'y isang matandang pamahiin ng ating angkan, na malas ang pagsasama ng magasawang magkasangay ang pangalan.

—Humm..! Hindi iyan, Luis, ang tunay na dahilan. Makinig ka at sa lalong maikling pagbabalita ay ilalahad ko sa iyo ang isang kasaysayang malaon nang itiniklop ng panahon. Tinitiyak ko, Luis, na ito ang dahilan ng kanyang pagtanggi at pagwawalang-bahala.


At bago nakahuma ang mananggol, si don Lucio ay nakapagsimula na sa pag-uulat ng isang kasaysayang nakapipigilhininga para sa nakikinig na pamangkin.

Samantalang nagsasalaysay si don Lucio ay madalas niyang pukulin ng sulyap ang pamangking pinagbabalitaan, napupuna niya dito ang pangungunot ng noo at pagtitiim ng bagang.

—Diyata't katotohanan, tiyo Lucio, ang kasaysayang inilahad ninyo? Si donya Concha ay kilala kong madasalin, at sa apat na kapatid ni Luisa na pawa nang may mga asawa ay wala akong nalalamang ganyang batik na maisusumbat sa kanila... — nawika ni Luis pagkatapos ng mahabáng ulat ng amain.

—Gaya ng aking sinabi, iya'y isang lumang aklat na itiniklop ng panahon pagkatapos iwán ng iyong ama ang kanyang pagkahalaghág. At si donya Concha naman ay lubusan nang nagbago, nanahimik at nagpakabuti buhat ng maging matatag na ang kanilang kabuhayán at maging dalagá na si Luisa. Maniwala ka, Luis, na iyán ang dahilan kung bakit si Ricardo kailanmán ay hindi makasasang-ayon sa inyong pag-iibigán.

Lalong lito ang isip at balisa ang kalooban nang manaog si abogado Luis Villaroma sa tahanan ng kanyang amain, at nakarating siya sa sariling tahanan na parang hindi niya nalalaman. Napakalaki ang pagibig niyá kay Luisa at nananalig siyáng sà piling lamang nito siya liligaya. May matatag siyang hanap-buhay at matunog na pangalan sa lipunán, at dahil diya'y umaasa siyang ang pinag-aralan nila ng kanyang mutya ay hindi magbibigay-puwang upang makasungaw sa pintuan ng kanilang pagmamahalān ang ipinangangambá ng matanda na niyang ama.



*—Oo. Luisa, Pasko rin noong tulad ngayon... — ang masayang wika ni Luis sa babaing naging bahagi na ng kanyang buhay. At, ang dalawang pusong pinaglayo ng maraming taon ay minsan pang nagtalik sa luwalhati.*

Samantalang nagbibihis si Luis na matatag sa kanyang pasiyang haharap din kay Luisa at donya Concha kahit na tutol ang kanyang ama, sa kanyáng gunita ay isa-isang nagbalik ang lumang kasaysayang ipinagtapat ng panganay na kapatid ng kanyang ama.

Sang-ayon kay don Lucio ay may isang makulay na kahapong namagitan sa kanyang amang si don Ricardo at kay donya Concha, ina ng dalaga, noong maliliit pá ang limang magkakapatid nina Luisa. Limang magkakapatid sina Luisa na pawáng mga babaé, at ang ama niláng si mang Gabriel ay namatay na hindi mán nakakita ng kahi't isang manugang. Napakabait ang ama nina Luisa, danga't ang kabaitang iyan ay hindi nalangkapan ng sigasig sa kabuhayan, kaya't kung sa kanya aasa ay hindi magkakaroon ng magandang kinabukasan ang mga anak nila.

Si aling Concha, noong kanyang kabataan ay may angking pambihirang kagandahan. At siya ang nagkaroon ng malakas na hanapbuhay sa loob ng kaniláng tahanán, samantalang si mang Gabriel ay inuupasala at tinatawanan ng mga nakababatid sa naging takbo ng kanilang kabuhayan. Unti-unti silang nakariwasa at ang mga panganay na kapatid ni Luisa ay nakapag-aral.

Samantala, mariwasa naman ang angkan ng mga Villaroma at ang limpak-limpak nitong kayamanan ay nahati sa mag-

**Akda ni DOLORES CALABIG ACA**

kapatid na don Lucio at don Ricardo. Isa sa mga naging biktima ni aling Concha si don Ricardo, noong si Luis ay may limang taong gulang at si Luisa naman kaipala ay dalawang taon pa lamang. Si mang Gabriel ay may isang taon na noong binawian ng Diyos ng buhay. Napalulong nang napalulong si don Ricardo sa magandang limatik na walang sawang sumisipsip sa kanyang dugo na siyang saligan ng kinabukasan ng kaisa-isa niyang anak na si Luis.

Nakatapos ng karera ang tatlong anak ni aling Concha, marami na silang mga ari-arian at "Donya Concha" na kung siya ay tagurian ng kanyang mga kababayan. Sa hindi na matagalang pagpapakasakit at pagdadalamhati, ang ina ni Luisa ay sumakabilang buhay at sa maaga niyang pagpanaw ay saka lamang parang multong nagbangon sa diwang nalalabuan ni don Ricardo na naubos na at natugnaw ang namana niyang kayamanan.

Salamat sa halagang sampung libong pisong tinanggap niya sa pagkakaseguro ng nasira niyang asawa at sininop naman niya at pinagbaitan, at nangyaring di nakatkat nang lubusán ang palamuting "don" sa kanyang pangalán. Noon lamang niya pinahalagahan ang mga pagpapagunita ng mga nagpapaalaala sa kanya, at ang halagang iyan ang pinalago niya, muling ipinagpaunlad ng kanilang kabuhayan at siya ring ipinagpaaral sa anak na si Luis, hanggang sa maging manananggol at mapatanyag ang pangalan.

Samantala, nang mga sandali ring yaon nang pagbubulaybulay ng binata, sa tahanan nina donya Concha ay kapuwa luhaang magkayakap ang magina. Ipinagtapat ng dalaga sa kanyang mama ang kasunduan nila ng kanyang kasintahan, upang di-kuno'y huwag namang mabigla ang kanyang ina kung dumating at sukat ang magama. Nguni't si Luisa ay sumikdo ang dibdib nang makitang napailing ang ina at dinaluyan ng masaganang luha ang mga mata.

—Bakit, inay, hindi ka ba sangayon sa aming pag-iibigan ni Luis? Hindi ba't ipinangako ko sa inyong sa gabing ito ng parangal sa akin ay makikilala mo ang iyong mamanugangin? — Masuyong tanong ng doktora.

Datapuwa't sa halip na siya'y tugunin ng ina, sa pagitan ng mga hikbi ay iniulat din kay Luisa ang kasaysayang inilahad ni don Lucio sa kanyang pamangkin. Tiniyak ng matanda na ang kanyang anak ay hindi maaaring maging maligaya sa piling ng isáng asawang may maisusumbat sa kanya.

—Diyata, inay? Diyata't may ganyang batik ang kasaysayan ng iyong lumipas? Nguni't huwag kang mag-alaala, lilimutin ko siya at tutubusin ko ng pagpapakasakit ang pagtitiis mong isinabalikat alang-alang sa amin.

—Salamat, Luisa, at dapat kang maging maligaya sa piling ng isáng lalaking makauunawa sa atin. Nalalaman kong iyan ang dahilan kung bakit ang iyong mga kapatid ay ayaw padalawin sa akin ng kanilang mga asawa.

Inihudyat noon ang ika-pito ng gabi. Dali-daling nagtungo ang dalaga sa kanyang silid at nagsimulá nang magbihis upang maputol na lamang ang pag-uusap nilang mag-ina. Unang saksing nagpatunay kay Luisa sa mga ipinagtapat ng ina ang pagtugtog ng orasan ng ika-walo, na anino man ng kanyang mahal ay walang sumungaw sa kanilang tahanan.

Ilang kaibigan ng dalagang pararangalan ang kasabay niya nang magtungo sa pook ng kasayahan, at sa gitna ng malaking pagdaramdam ng nahuli sa pagdating na si Luis, ang-u-


(*Buklatin sa pahina* 34)



**ANG PAG-IBIG SA BAYAN AY KATUTUBO KAY EMILIO JACINTO. MAY LABINLIMANG TAONG GULANG LAMANG, SIYA'Y SUMAPI NA SA KATIPUNANG ITINATAG NI ANDRES BONIFACIO. DAHIL SA KANYANG ANGKING TALINO AT NAITULONG KAY BONIFACIO AT SA KATIPUNAN, SIYA'Y TINAGURIANG "UTAK NG KATIPUNAN."**

# Si EMILIO JACINTO
## (Ang "Utak Ng Katipunan")

ni Jacinto R. de Leon



SI EMILIO JACINTO ay may labingwalong taong gulang lamang noon. Siya'y batang-bata; tunay; nguni't ang kanyang katutubong katalinuhan at malawak na kaalaman ay ipinamalas, sa simula pa, sa inihanda niyang pagbabago sa balangkas ng patakaran at mga tuntunin ng kapisanan sa hangad na ito ay makaakit ng maraming kasapi at sa gayon, ay maging isang kapisanang malaganap at pambansa. Hindi naglaon at napatatag ang Kataas-taasang Sanggunian-Lalawigan at Sangguniang-Bayan na siyang namamahala sa mga gawain sa mga lalawigan at iba't ibang mga bayan sa Kapuluan. Sa mungkahi rin ni Jacinto, ang mga sangguniang iyon ay dinagdagan pa ng Lihim na Karurukan. Ito ang lumilitis at humahatol sa mga kasaping hindi tumutupad ng kanilang tungkulin at naggagawad ng nauukol na parusa sa maykasalanan. Ang bagong pamalakad na ito ay nagbunga ng mabuting pagsusunuran ng mga kasapi.

Dahil sa mahalagang bahaging kanyang ginampanan, laluna sa mga unang araw ng Katipunan at sa unang taon ng Himagsikan laban sa Espanya, si Emilio Jacinto ay ipinalagay at tinawag ngang "Utak ng Katipunan". Itinuturing naman ng iba na siya'y "talino at kasiglahan' na nagpakilos sa kapisanan, samantalang ayon sa iba pa, siya'y "mata, tainga at ilong" ng Kataas-taasang Puno. Sa katotohanan, siya'y lubos na pinagkatiwalaan ni Andres Bonifacio. Siya ang kanang kamay at tanungan nito:

Ang "Mga Aral ng Katipunan ng mga A.N.B." na lalong kilala sa tawag na Kartilya ng Katipunan ay sinulat ni Emilio Jacinto. Sinasabing nang mabasa iyon ni Bonifacio ay itinabi nito ang unang ginawa niya, sapagka't siya'y lubhang nainaman. Ang naturang Kartilya ay siya na ngang ginamit ng Katipunan. Hindi mapag-aalinlanganan, ayon kay Teodoro M. Kalaw, na ang Kartilya ng Katipunan ay siyang pinakamalaking sagisag at tanda na katangian ni Jacinto. Yaon ay nagtuturo sa bawa't tao ng mga tungkulin sa sarili, sa kapwa, sa Katipunan at sa bayang tinubuan. Nagtuturo rin ng paggawa ng mabuti dahil sa kabutihan. ng kabayanihang walang pag-iimbot, ng paggalang sa mga babae, ng pagkakawanggawa, kalinisang-budhi at kabaitan. Nagpapatibay sa aral ng Kristiyanismo na "ang masama sa iyo ay huwag mong gawin sa kapwa mo."

At nagpapagunita sa mga kasapi sa Katipunan na "ang buhay na hindi iniuukol sa matayog na layunin ay katulad ng kahoy na walang lilim kung hindi man damong makamandag."

Sipiin natin ang ilan sa mga nasabing aral:

"Ang gawang magaling na nagbubuhat sa pagpipita sa sarili, at di sa talagang nasang gumawa ng kabutihan, ay di kabaitan."

"Ang tunay na kabanalan ay ang pagkakawanggawa, ang pag-ibig sa kapwa, at ang pagbabatay sa bawa't kilos, gawa't pangungusap, sa talagang katwiran."

"Inuuna ang puri sa pagpipita sa sarili ng may mataas na kalooban; inuuna ng may hamak na kalooban ang pagpipita sa sarili kaysa puri."

"Sa taong may hiya, ang salita'y panunumpa."

"Huwag mong sayangin ang panahon; ang yamang nawala'y mangyayaring magbalik; nguni't ang panahong nagdaan na'y di na muli pang magdadaan."

"Ipagtanggol mo ang inaapi at kabakahin ang umaapi."


"Sa daang matinik ng kabuhayan, ang lalaki'y siyang patnugot ng asawa't mga anak kung ang umaakay ay tungo sa sama, ang patutunguhan ng inaakay ay kasamaan din."

"Ang-kamahalan ng tao'y... wala sa mataas na kalagayan sa balat ng lupa; wagas at tunay na mahal na tao, kahit laking gubat at walang nababatid kundi ang sariling wika, yaong may magandang asal, may isang pangungusap may dangal at puri..."

Sinulat din ni Jacinto ang **Liwanag at Dilim** na tumatalakay sa kalayaan, katarungan pag-ibig, atbp.; ang **Sa mga Kababayan** at **Pahayag** na kapuwa nananawagan sa Bayang Pilipino. Kanyang inilarawan doon ang kahabag-habag na kalagayan at mga kaapihan ng mga Pilipino sa ilalim ng isang buktot at walang-katarungang pamahalaan. Ang "Liwanag at Dilim", sa palagay rin ni T.M. Kalaw, ay isa sa sampung pinakamahalagang kasulatan ng Himagsikang Pilipino. Sa kanyang akdang iyon, ang patuloy ni Kalaw, si Jacinto ay lumilitaw na siyang tunay na pinagsalinan ng diwa ni Dr. Jose Rizal, sa lahat ng mga katangian nito, bilang pilosopo at makata na napisan sa isang tao.

Sa mga unang araw ng pagtaong 1896, si Emilio Jacinto ay hahanda ng Himagsikan noong hinirang ng Pangulong Andres Bonifacio, na Kalihim ng kabansahan. Si Jacinto ay inatasan ni Bonifacio ng dalawang mahirap at napakaselang na tungkulin. Una, siya'y hinirang na mangulo sa isang lupong

(*Buklatin sa pahina 26*)



# ANG PAGBUBUNGKAL NG LUPA...

ay paghahanda ng lupa upang magkaroon ng matatabang bunga. Ito ang simula ng masaganang pagsasaka. Nguni't ang mabuting pagsasaka ay hindi lamang pagbubungkal ng lupa. Ito'y nangangailangan din ng paggamit ng sapat at mapagtitiwaláang mga makinarya sa pagsasaka na itinataguyod ng mga panustos na bahagi ng makinarya, gayundin ng mga tagapaglingkod na nakahandang lumutas ng anumang suliranin. **Ang mabuting pagsasaka ay nangangailangan ng mga lupang subukan na mapagsusubukan ng mga makinarya at ng mga bagong paraan sa pagbungkal ng lupa.** Nangangailangan din ito ng **mabubuting paaralan sa pagsasaka** na magtuturo ng maunlad na paraan ng pagbubukid sa daan-daang kabataang nagsisipaghangad maging mabubuting magsasaka para sa kanilang bayan.

Sapagka't ang aming unang layunin ay makatulong sa paglikha ng isang mayaman at masaganang lupain ng Pilipinas, ang GA ay nagsikap sa mga bagay na ito upang mapagbuti ang paglilingkod sa mga magsasakang Pilipino.

Ang GA **ay namuhunan ng milyon-milyong piso para sa isang hustong bilang ng mga kagamitan, makinarya at panustos — marami at walang kulang** — na anuman ang kailangan ng mga magsasakang Pilipino ay unang nagugunita ang Gregorio Araneta, Inc., na nagkaroon na ng pangalan sa mabuting paglilingkod. Ang GA ay may buong panustos na mga bahagi ng makinarya para sa kanyang mga suki sa buong bansa.

Ngayon, ang mabuting pagsasaka ay nakaugnay sa pangalan ng Gregorio Araneta, Inc., at ang salawikain ng mga tagabukid ay... **"Kapag GA, ay mabuting pagsasaka."**

**IF IT'S GA, IT'S GOOD AGRICULTURE**

**GREGORIO ARANETA**

**AGRICULTURAL DIVISION**

**J. ARANETA BLDG. • 343 ECHAGUE, MANILA**

**TEL 3-29-41**

**Branches and Agencies: Davao City —Bacolod City — Maapag Plains — Naga City — Cotabato, Cotabato — Calapan, Mindoro — Ozamis City — Cebu City — San Pablo City — Iloilo City — Cagayan de Oro City**

# KALENDARYO NG MAGSASAKA

E C A

**Inilalathala ng "Bagong Buhay" at ng Pangasiwaan sa Pagtutulungang Pangkabuhayan ng E. U. ukol sa kagalingan ng mga magsasaka sa Pilipinas.**

## ANG PAMAMANAS AT ANG PINAYAMANG BIGAS



# ANG PAMAMANAS AY MAIIWASAN



## *Mga Moda Ng Damit*




## Sabay sa Pagsikat . . .

*(Karugtong ng nasa pahina 7)*

gilang, mapahagulhol ng panangis.

* * *

PAGKATAPOS ng santaong pagsasama nila ni Marcelo ay saka napansin ni Senyang ang ganap na pagbabago ng kanyang asawa. Madalas na itong gabihin sa pag-uwi ng tahanan. At nang lumaon ay dumalang na nang dumalang hanggang sa siya'y mapilitang mag-usisa.

—Huwag mo akong pakialaman sa aking ginagawa, Senyang! — pinamumulahan ng mukha ay badya ni Marcelo. — Hindi kita pinagkukulangan sa sustento, kaya wala kang karapatang mag-usisa sa akin.

—Nguni't ako'y asawa mo, Marcelo, hindi ba? — mabanayad pa rin niyang paliwanag. —May tungkulin ako sa iyo bilang kabiyak ng dibdib.

—Sinabi ko na sa iyong huwag mo akong pakialaman sa aking ginagawá, — pagalit nang tugon ng lalaki. — Kung hindi ka makatiis ay binibigyan kita ng layang lisanin ang aking pamamahay. Naiintindihan mo, Senyang?

Ngayo'y ang buhay niya'y natulad sa isang ulilang kurus na nakatirik sa gitna ng kanilang tahanang di nasisilayan ng liwanag.

Sa pangungulila niya sa alo ni Marcelo ay madalas niyang magunita ngayon ang huling katagang sinabi sa kanya ni Roberto, na hindi siya magiging maligaya sa piling ng lalaking kailanma'y hindi niya iniibig. Nguni't kung sumasagi naman sa kanyang alaala ang mga pangaral ng kanyang magulang ay nakadarama siya ng pagluwag ng kanyang dibdib.

—Ang isang mabuting anak ay yaong napaliyan sa kapasiyahan ng kanyang mga magulang, — wika pa ng kanyang ina, isang araw na siya'y kausapin hinggil sa suliranin ng kanyang puso. — Lalong maging banal ang iyong pagkukusa kung maipauubaya mo sa amin ng iyong ama ang kinasasalalayan ng iyong magiging matiwasay na kaligayahan sa hinaharap. Ang magulang ng tao ay siya niyang pangalawang Bathala sa ibabaw ng lupa, Senyang!

—Mahal ko kayo ng Tatay, Nanay, — mairog pa niyang parilala, —— kaya, di ko masasarili ang kalayaan ng aking puso. Ang kalayaan kong iyon ay ang umalinsunod at tumupad sa minamarapat ninyong ipagampan sa akin.

—Napakabuti mong anak, Senyang! Ihahanap ka namin ng iyong ama ng isang lalaking hindi lamang maghahatid sa iyo sa harap ng Dambana, kundi nag-aangkin ng karangalan at makapagmamahal ng buong katapatan at kabanalan.

Hindi niya napigilan ang pagtakas ng mga hikbi at pamumuo ng mga luha sa kanyang mga mata, pagka't nang mga sandaling yaon ay naalaala niya si Roberto, ang una niyang pag-ibig at ang lalaking nagturo sa kanyang magmahal.

Nang nasa kainitan ang pagkakaunawaan ng kanilang mga puso ni Roberto ay hindi miminsan nilang pinangarap at hinintay-hintay ang pagsikat ng bukang-liwayway ng kaligayahan sa kanilang mga palad. At sa bawa't pagtatagpo nila ay nagiging isang marikit na kuwento ng buhay ang kanilang matamtim na pag-iibigan. Nguni't lalong hindi niya malilimot nang dumating ang sandaling pumatid sa kanilang mga pangako, na noong mga nagdaang araw, ay hindi miminsang inuulit-ulit na bigkasin ng kanilang mga labi.

* * *

MAG-IISANG taon na ang kanilang unang supling ng pagmamahalan ni Marcelo, nang maatasan ito ng bahay-kalakal na pinaglilingkuran na magpunta sa Mindanaw upang ayusin

*(Buklatin sa pahina 28)*

# Sa Pagsilang Ng Mesiyas...

ni Noe V. Mangaliman

SA PAGKAKAUPO ni Tandang Tasya sa tabi ng kanilang durungawan ay di niya mapigilan ang pangingilid ng mga butil ng kanyang luha. Nagugunita nanaman niya ang kanyang kaisa-isang bunso — si Ricardo.

May limang taon lamang ngayon ang nakalilipas... Noon, silang mag-ina ay maligayang namumuhay bagaman nagdaralita. Sa kaunting kinikita ni Tandang Tasya sa pagtitinda ng mga gulay sa pamilihang-bayan, sila ni Ricardo ay maluwalhating nakararaos sa oras. Maligaya sila at hindi nagkakaroon ng anumang suliranin. Ang tanging suliraning dumarating sa kanilang buhay ay ang pangyayaring hindi sila makabili ng mga pangunang kailangan, gayundin hindi lubos na makasunod sa mga layaw ng katawan na gaya ng ilang nakaririwasa nilang kapitbahay. Subali't maliban sa mga bagay na yaon, sila'y wala nang masasabi sa Lumikha. Marami silang kaibigan, iginagalang ng kapuwa, maraming nagmamalasakit at walang sinumang masasabing kaaway.

Subali't ang katiwasayan ng pamumuhay nilang mag-ina sa gitna ng karalitaan ay sinubok ng tadhana nang sumiklab ang ikalawang digmaang pandaigdig. Noon ay kabilang si Ricardo sa mga kabataang tinawag ng bayan upang maghandog ng paglilingkod. At si Tandang Tasya ay hindi nakapagwalang-bahala. Bagama't nagdurugo ang kanyang puso ay pikit-matang tinulutan niya ang bunso na magtungo sa larangan ng paghahamok upang ipagtanggol ang ngalan ng Kalayaan.

Sa mga unang araw ng pangungulila ni Tandang Tasya ay ginagamot niya ang kanyang sarili sa pag-asang ang pagkakawalay ni Ricardo ay panandalian lamang. Darating din ang araw na sila'y muling magkakalapit upang minsan pang maipadama ang init ng kanyang pagmamahal.

Datapuwa't ang sugat ng pangungulila sa puso ng matanda ay hindi pala maghihilom. Dumaan na ang maraming araw... mga buwan at mga taon, subali't ang hinihintay na pagbabalik ng lumisang bunso ay hindi na nagkaroon ng katuparan. At mandi'y nagwakas na ang lahat ng kaligayahan sa buhay ni Tandang Tasya, nang isang araw ay dumating



*Halos di makapaniwala si Tandang Tasya sa kanyang namamalas...*

ang patalastas ng hukbo na si Ricardo ay kabilang sa mga "limot na bayaning nasawi sa labanan" na ni hindi malaman kung saan nalibing ang kapos-palad na bangkay.

**SADYANG ANG PASKO AY MAY DULOT NA BIYAYA AT LUWALHATI SA SANGKATAUHAN — GAYA NG NADAMA NI TANDANG TASYA SA ARAW NA ITO.**

Magbuhat noon ay ganap na nagbago ang larawan ng buhay sa kaawa-awang matanda, Hindi na siya nasilayan pa ng ngiti sa kulubot nang mga labi. Hindi na siya nakita pang nakiumpok man lamang sa sino mang kapitbahay. Hindi na siya namalas pang masigla sa loob at labas ng kanilang tahanan. Sa bawa't sandali ay may bakas ng luha ang mga mata ng matanda. Sa tuwina'y larawan siya ng pighati at pangungulila. At may mga araw at oras na nasusubukan siyang nagsasalitang nag-iisa na tila nasisiraan na ng bait.

—Ricardo... anak ko! Bakit mo iniwan at natiis na uilahin ang iyong matanda nang ina! — ang malimit mamutawi sa bibig ni Tandang Tasya.

At sa pagdaraan ng mga araw, lalo't lalong lumulubha ang sugat ng damdaming nagpapahirap sa kaluluwa ng matanda... hanggang sa dumating ang panahong ang sugat na yaon ay magsilbing mahayap na subyang na unti-unting pumuputi sa kanyang nagdarapit-hapon nang buhay.

Napabayaan na ni Tandang Tasya ang kanyang sarili. Umaga't hapon ay nagtutungo sa simbahan upang doon idalangin ang kaluluwa ng nagmaliw na bunso. Halos wala na siyang maharap na anomang gawain, at kaya lamang masasabing nakararaos sa oras ay dahil sa tulong ng ilang maawaing kapitbahay. Sa mga sandali ng kanyang pag-iisa, malimit niyang mahiling sa Maykapal na maanong kunin na rin sana ang kanyang buhay upang magwakas na ang kanyang paghihirap sa daigdig na ito, at sa gayo'y makapiling na muli ng pinakamamahal na anak doon sa Bayan ng Luwalhati.

---

Nang hapon ngang iyon na nakaupo si Tandang Tasya sa tabi ng durungawan ay nangingilid na naman ang luha sa mata ng kawawang matanda. Bisperas noon ng Pasko at ang lahat ay larawan ng kaligayahan. Siya lamang mandin ang natatanging linikhang sakbibi ng pagdurusa. Paano'y nadidilidili nga niya ang malungkot na kapalarang kinasadlakan nilang mag-ina.

—Diyos ko... —pabulong na dalangin ng matanda, —kung sadyang ito ang itinalaga Mo sa aming kapalaran, ay bakit hindi ko matitiis! Nguni't isinasamo kong wakasan na Ninyo ang lahat! Nais ko nang sumama sa aking anak diyan sa Inyong Kaharian!

Mandi'y isang panaginip na hindi niya mapaniwalaan, nakarinig si Tandang Tasya ng isang mapagmahal na tinig buhat sa ibaba. Nagbaba siya ng tingin... at halos hindi siya makapaniwala! Para pang natakot siyang kung papaano. Sa tapat ng durungawang kanyang kinaroroonan ay nakangiting nakatingala ang isang lalaking kilalang-kilala niya. Nandidilat na napatayo si Tandang Tasya at wari'y may pag-aalinlangang napasigaw...

—Ricardo!... Ikaw nga ba si Ricardo? Ang anak ko?

—Opo, Inay! Ako nga po si Ricardo!

At bago naunawaan ni Tandang Tasya ang mga sumunod pang tagpo ay nasumpungan na lamang ang kanyang sarili sa bisig ng bunsong ayon sa balita ay malaon nang sumakabilang-buhay. Hindi pa rin siya

(*Buklatin sa pahina* 33)

**Tres Hermanas**
RESTAURANT
Ang aming espesyalidad:
MGA LUTUING PILIPINO
MAPAGTITIWALAAN
MASARAP * MALINIS
MURA
Panulukan ng Estero Cegado at P. Paterno

# PASKO: Isang Kabanata

Akda ni Reynaldo Santiago Gamboa

NASA harap ng salamin si Natividad. Nasa gawing kanan at nakaupo sa isang silyang yantok si Nena. Mabibilis nguni maingat ang galaw ng mga dalubhasang daliri ni Lucila. Hindi magkamayaw ang ingay sa labas. Lumuwa-sumuba ang di-mabilang na tao; nagkakasaya.

—Isa ka sa magiging pinakamaligaya bukas, Nati. —Si Lucila ang nagsalita.

Isang mahinhing ngiti ang bumadha sa mga labi ni Natividad. Tumuon ang mga mata ni Nati sa mukha ni Lucila. Nakalambong ang manipis na luha sa mga mata ng mangungulot!

—Lumuluha ka, Lucila!

Itinaas ni Nena ang paningin sa kaharap. Nagsisipanginig ang mga daliri ni Lucila! Nangangatal ang mga labi. Nakatungo. Sakmal ng isang mahiwagang kalungkutan!

Matagal na pumako sa mukha ni Lucila ang mga paningin ng dalawang dalaga; kapuwa nagtataka, nag-uusisa, di matarok ng sari-saring katugunang umuusbong sa sari-sariling damdamin.

—Katulad mo rin ako, Nati. tatlong taon na ang nakararaan, araw din ng Pasko.... —pumukaw ang tinig ni Lucila. Saglit na natigilan si Natividad. —Bisperas lamang... — unti-unting nababasag ang tinig ni Lucila, —tulad ngayon, abalang-abala ako. Naghahanda ako sa pagdatal ng umaga. Haharap din ako sa altar noon. Subali't..

Napabulalas ng iyak ang nagsasalita. Nabasag sa paghikbi ang iba pang sasabihin.

—Lucila...

—Patawarin mo ako, Nati. Idadalangin kong...

—Wa...wala kang kasalanan, Lucila.

—Subali't bakit, Lucila? —Si Nena ang nagtanong.

—Ganyan din, Nena, ang aking itinatanong. Bakit nga? Bakit ako nabigo? Ano ang pagkakasala ko, upang sawiin?

—Kung gayo'y...

—Naghintay ako. Naghintay si tatay. Naghintay ang balanang nasa bahay Datapwa... siya'y hindi dumating... marahil, upang huwag nang dumating kailanman!

Nagtindig si Natividad. Matamlay ang kanyang kilos. May pataw ang mga paa.

—Lucila...

—Huwag mo akong kahabagan, Nati... nauunawaan mo ako. Kinikilala ko ang pagmamalasakit mo. At tanggapin mo ang pauna kong pagbati... lumigaya ka nawa, Nati.

Gumalaw ang kamay ni Natividad. Dumaop ang palad sa palad ni Lucila. Nanlalamig ang palad ng mangungulot; nagsisipanginig ang mga himaymay ng laman.

Nakalabas na sina Natividad sa pintuan ng "beauty parlor." Nasa bungad si Lucila. Nakatingin sa dalawa; inihahatid ng paningin hanggang sa mawala sa makapal na taong nagsisipaglakad sa maluwang na bangketa. Tumalikod si Lucila. Humakbang. Tinungo ang bilog na salamin. Humarap. Minalas ang mukha, ang mga pisngi, ang mga mata, ang mga labi... kay laki na nang ipinagbago!

Tumalikod si Lucila. Nagsusumigaw ang sikil na damdaming nagpapataas sa dibdb... sa yayat na dibdib. Naghuhumiyaw



*Subali't, napatigil si Lucila, Napatda ang paghakbang... sa pagbabaling ng paningin sa labas ng 'beauty parlor."*

ang di-magkamayaw na ingay sa labas ng "beauty parlor". Nagkakadagan-dagan ang maraming alatinig ng buhay sa pandinig ni Lucila. Sagu-sagunson ang di-mawawaang hudyat ng daigdig... sa isang pagkakatuwa, sa isang pagbubunyi, sa isang.... Tinutop ni Lucila ang kanyang pandinig.

—Pasko na nga... —bumubulong ang pang-unawa ni Lucila. —Hindi na magtatagal...

Nanggigitil ang pagpapatutoo ng paligid. Pumipisik ang katotohanan. Kumakalat. Napatatangay sa malamig na simoy ng amihan. Nakikipagbunyi.

Umanyong pipihit ang mga paa ni Lucila... sa isang pag-urong, sa isang pagtakas, sa isang pagtatago...

Subali, napatigil si Lucila. Napatda ang paghakbang sa pagbabaling ng paningin sa labas ng "beauty parlor."

Napipi ang pagkakaingay. Gumulut ang mahaba, walang lagot, at nagbabalang tunog ng sirena...

—May napahamak siguro —nakikipag-agawan ang pintig ng buhay sa dibdib ni Lucila, sa mahabang sirena ng humahagibis na sasakyang-pangpagamutan.

Nakiisa ang paningin ni Lucila sa karamihan sa pagsunod sa humahagibis na sasakyan.

—Bisperas pa naman ng Pasko...!

Pumihit si Lucila. Unti-unti na namang nabubuhay ang di-mawawaang ingay sa labas...

Isa, dalawa, tatlo... mahabang sandali ang nagdaan. Nakaupo si Lucila sa isang sopa; alangang naghihintay, iginupo ng pagkapagod, may ginugunita... nananalangin, binubuhay sa damdamin ang isang pagasa.

Kumililing ang telepono sa may tokador. Matamlay na tumindig si Lucila.

—Hellooo...

—.......

—Ako nga.

—......

—Ha? Di... divata? Kung gayo'y tutungo ako riyan..

.—...:.

—Oo, Nena... magbibihis lang ako.

---

TAHIMIK ang paligid. Tila isang libingan; kaibang-kaiba sa galaw ng buhay sa makalabas ng "beauty parlor" ni Lucila; paikpik ang katahimikan.

Isa-isang sinukat ng mga paa ni Lucila ang mga batong baytang ng hagdanan. Nakalapat ang pintuang-nara. Kumatok si Lucila. Umingit ang "seradura" ng pinto. Isang dalagang nakaputi ang sumungaw.

—Tuloy kayo....

Higit na paikpik ang katahi-

mikan sa loob ng bahay. Tila isang nitsong nakapinid ang butas... ipininid ng makapal na bato.

Unti-unting nawawala ang buhay sa bawa't bagsak ng mga paa ni Lucila. Isang "coredor" ang tinahak ng dalawa. Mahaba. Madilim. Tahimik.

Sa dako pa roon, sa tapat ng isang nakalapat na pintuan, ay tatlong linikha ang naghihintay; balisa sa bawa't langitngit sa loob ng silid na tila isang yungib na kinapapalooban ng isang hiwaga, ng isang katatakutan...

Unti-unting nagkakaanyo sa paningin ni Lucila ang tatlong linikha. Ganap nang nalalagom ang pagkakilala sa mga mata ni Lucila.

May pagkaunawang lumapit si Lucila.

—Kumusta, Nena? —Iginala ni Lucila ang paningin, mula kay Nena, sa matandang babaing nakapindong ng itimang-panyoleta. Nagtatanong ang paningin ni Lucila. At, ang paninging yaon ay lumipat sa mukha ng lalaking dinatnan. Napatungo si Lucila... sa isang pagkaumid, sa isang....

Lumangitngit ang dahon ng pinto. At sumungaw ang isang dalagang nakaputi, may takip sa mukha, mata lamang ang nakalabas at maliit na bahagi ng pisnging ginigitian ng pawis.

—Tumuloy kayo...

—Ligtas na po ba si Nati? — Bantulot ang daan ng tinig sa mga labi ng matandang babae.

Sumulyap ang tinanong sa matanda, kay Nena, sa lalaki at kay Lucila. Walang katagang nagdaan sa puting kayong nakatakip sa bibig.

Patag na patag ang nakahiga sa isang tistisan. Natatabingan ang buong katawan ng isang puting kumot.

—Ginawa namin ang lahat ng magagawa, ginang, — nagpapahiwatig ng pagkabigo ang paningin ng doktor na inabutan ng apat sa loob; waring nagpapaliwanag sa pagtatanong ng nagkakabahid-luhang paningin ng matandang babae.

Inalis ng doktor ang nakataling kayo sa gawing batok. Iisa ang isiniwalat ng mga labi noon at ng sinabi ng paningin... isang pagkabigo!

—Kung gayo'y...

—Nariyan siya, ginang.

Buong pagkagahamang lumaya ang nagpipiglas na damdamin ng apat na magkakasama. Napatalikod ang matandang manggagamot. Binayaang kimkimin ng katahimikan ang mga hinakdal na batid nitong kangina pa nagsusumabog sa mga dibdib ng magkakasama. At saka itinaas ang paningin sa kisame. Sa kalaganapan ng silid. Sa ilang instrumentong nasa loob ng dalawang estante. Sa orasang nakaharap sa tistisan. Limang minuto bago mag-ika-labingdalawa ng hatinggabi!

Dalawang nagsisipanginig na palad ang humawak sa bisig ng manggagamot. Bumaling ang doktor.

—Ang anak ko, doktor... ang anak ko!... Kaipala'y umalis lamang, upang.. Doktor ang anak ko!

Dumantay sa balikat ng matandang babae ang palad ng manggagamot.

—Nakikiramay ako sa inyo, ginang. Ito ang tadhana ng Diyos na hindi maaadlangan ng karunungan.

—Wa... wala bang nasabi ang anak ko, *Doktor?* — Basag ang tinig ng matandang babae.

—Wala ba siyang inihabilin, ho, *Doktor?*

Saglit na ipinatda ang paningin ng manggagamot sa mukha ng nakahiga sa hapag-tistisan. Saka, kumunot ang noo.

—Ginang, ang tanging nasabi ng inyong anak ay bigyan pa siya ng buhay. Nais niyang mabuhay. Nais niyang makatalingpuso ang lalaking inibig niya... bago siya mamatay. At, saka hinigit ang mga balikat. Unti-unting naglapat ang mga labi... sabay ng pagsambitla, marahil, ng isang pangalan.

Tumudla ang paningin ni Lucila sa katabing binata. Malamlam ang liwanag sa mga mata ni Lucila. Nagtatanong. Nagmamakaawa. Napatungo ang lalaki. At nang muling itaas ang




ISINABOTELYA NG ROYAL SOFT DRINKS PLANT
ARI AT PINAMAMAHALAAN NG SAN MIGUEL BREWERY

paningin upang salubungin ang liwanag ng mga mata ni Lucila'y hindi na tulad kanginang may pag-iwas. —Kung gayo'y pakakasalan ko ang bangkay ni Natividad...

Sabay-sabay na napabaling sa binata ang mga paningin ng magkakaharap. Nakita nila sa anyo nito ang isang matibay na pasya; ang pagkalarawan sa kaanyuan nito ng isang pànata, ng isang pagsisisi!

At sa sinapupunan ng katahimikang yaon, sa loob ng silid-tistisan, sa harap ng orasang nagbabandila ng PAGKATUBOS NG KASALANAN NG TAO SA PAGSILANG NG ISANG TAGAPAGLIGTAS, ay sinaksihan ni Lucila ang pagbabangon ng isang sumpa, ang katuparan ng isang pangarap, ng isang kaligayahan, sa nakalupasay na katawang wala nang buhay.

—Higit kang maligaya kaysa akin, Nati... natupad ang iyong pangarap sa kabila ng kasákunaang umagaw sa iyo sa aming piling.

Itinaas ni Lucila ang mga mata; nakatingin ang lalaki sa kanya; nagpapahiwatig ang mga paningin: *"alang-alang" sa iyo, Lucila...! Alang-alang sa iyo, sa kanya at sa araw na ito...!* (X)

———oOo———

## Sinasabi nila...

*tinipon ni Edvira*

HUWAG kang matakot sa kamatayan. Sa halip ay yakapin mo at matuwa ka. Ang isang taong ginugol ang buong panahon ng kanyang buhay sa paggawa ng mabuti ay hindi maaaring panlupaypayin at duhagihin ng kasamaan kahi't sa kabila pa ng buhay na ito. — **Socrates**

KUNG sa langit nabubuhay ang sa lupa'y namamatay
ano at katatakutan ang oras ng kamatayan?
— **Marcelo del Pilar**

WALANG relihiyong pinakadakila sa lahat kundi ang katotohanan. — **Rizal**

LUBHANG makapangyarihan ang tugtugin! Napaaamo niya ang mababangis, napalalambot ang batong-buhay, at napayuyuko ang matitigas na punung-kahoy. — **Congreve**

ANG pagtatamo ng isang bagay na pinakapangarap ay simula ng hindi kasiyahan. — **Stanley**

"SADYANG manghuhula ang bayaning Rizal
sa unggoy at pagong na kanyang salaysay;
ang sabi ng unggoy: — "Huwag kang maghintay,
balat ma't masarap, wala kang kakamtan."
— **F. T. Collantes**

ANG mabuting panlasa ay mabuti kaysa masamang panlasa; nguni't ang masamang panlasa ay nakahihigit kaysa walang panlasa. — **Arnold Bennett**

ANO ang magiging halaga ng isang taong nawalan na ng kahihiyan? Mabuti pa ang isang asong nakatatahol kung may dumarating na taong hindi kanais-nais samantalang tahimik na natutulog ang kanyang panginoon. — **Platus**

ANG kalungkutan ay bakas na naiiwan sa paghabol sa magagandang hangaring hindi natin napalarang kamtan.— **George Elliot**

"AT IYONG isiping nang nagdaang araw
isang kahoy akong malago't malabay,
ngayon ang sanga ko'y kurus ng libingan
dahon ko'y ginawang korona sa hukay."
— **Jose Corazon de Jesus**

## Si Emilio Jacinto

*(Karugtong ng nasa pahina 8)*

makikipanayam sa mga pinunong hapones na noong buwan ng Mayo ng nasabing taon, ay nasa isang sasakyang-dagat sa Look ng Maynila, upang humingi sa Bansang Hapon ng tulong sa pagbabagsak sa kapangyarihan ng Espanya sa Pilipinas at sa pagtatayo, matapos ito, ng isang pamahalaang malaya at nagsasarili. Ikalawa, siya'y napili upang makipag-usap kay Dr. Rizal at alamin sa kanya kung siya'y pumapayag na iligtas ng mga kawal ng Katipunan. Noon, si Rizal ay nakasakay sa sasakyang-dagat "Castilla" at kinukulong doon samantalang hindi pa sinisimulan ang paglilitis sa kanya sa kasalanang pagtataksil at pag-uudyok sa bayan upang magbangon. Upang maisagawa ang atas sa kanya, si Jacinto ay nagdamit-intsik, nag-anyong isang manggagawa, at nagkapalad na makausap si Rizàl. Ito'y tumanggi, sapagka't siya'y naniniwalang siya'y walang kasalanan.

Pagkatapos ng kauna-unahang sagupaan ng mga manghihimagsik at ng mga kawal na kastila sa San Juan del Monte, Rizal, noon ika-29 ng Agosto. 1896, si Jacinto ay nahirang na Komandante Heneral sa Gitnang Luson na binubuo ng mga lalawigang Bulakan, Nuweba Esiha, Morong (Rizal ngayon), at Maynila. Gayunman, pagkaraan ng ilang buwan, siya'y ipinadala sa Laguna, bilang pinakamataas na puno ng himagsikan sa lalawigang iyon.

Dahil sa pagkakapatay kay Andres Bonifacio sa bundok ng Marigundong, Kabite, si Jacinto ay lubhang nagdamdam at nanlupaypay. Samantala, si Apolinario Mabini ay ginawang kasangguni ng pamahalaang naghihimagsik na pinangunguluhan ni Heneral Emilio Aguinaldo. Gayunman, si Jacinto ay nagpatuloy sa pakikitalad sa kaaway sa Laguna. Sa isang mainit na labanang kanyang hinarap sa bayan ng Mahayhay noong 1898, siya'y tinamaan ng punlo sa isang hita. Siya'y gumaling sa sugat na iyon. Ibig pa sana niyang ipagpatuloy ang paghihimagsik; datapwa't siya'y nagkasakit at namatay noong ika-16 ng Abril, 1899.

Si Emilio Jacinto ay ipinanganak noong ika-15 ng Disyembre, 1875 sa Troso, Maynila. Ang kanyang ama, si Mariano Jacinto, ay tagatuos sa isang bahay-kalakal; at ang kanyang ina, si Josefa Dizon, ay isang manghihilot. Siya'y nag-aral muna sa bahay, saka sa isang paaralang pansarili sa kanilang pook, bago sa San Juan de Letran. Pagkatapos, siya'y nagpatala sa Dalubhasaan ng Batas sa Pamantasan ng Santo Tomas. Ang kanyang katalinuhan ay hinangaan doon. Bukod dito, ang kanyang malaking pag-ibig sa bayan ay napansin noon pa. Siya'y walang imik, subali't kapag siya'y nakilahok sa alin mang pagtatalo ng mahahalagang paksa ay ipinakikilala niya na siya'y nagtataglay, hindi lamang ng karunungan, kundi gayundin ng tapang, dalawang bagay na kailangan sa pamamatnubay sa isang pulutong ng mga tao o bayan. Siya'y mahiligin sa pagbabasa ng mabubuting aklat na gaya ng Les Miserables ni **Victor Hugo** at **Noli Me Tangere** at **El Filibusterismo** ni Jose Rizal. Paris ng nabanggit na sa unahan, iniwan ni Jacinto ang pag-aaral at siya'y sumama kay Bonifacio dahil sa pag-ibig sa bayan; at sanhi sa kanyang talino't tulong na nagawa kay Bonifacio at sa Katipunan, siya'y tinaguriang "Utak ng Katipunan."

———

**TALASALITAAN (Vocabulary**

malawak na kaalaman— broad knowledge

kataas-taasang sanggunian — supreme council

lumilitis —tries the case

hindi mapag-aalinlanganan — it cannot be doubted

sagisag at tanda — emblem and sign

pag-uudyok na magbangon — sedition

kabaitan — virtue

tumatalakay — discourses on

kabanalan — piety

nanlulupaypay — debilitated

**MGA TULONG SA PAG-AARAL (Study Helps)**

1. Bakit nagkaroon ng tiwala si Bonifacio kay Jacinto?
2. Saan-saan ipinamalas ni Jacinto ang kanyang talino at kakayahan?
3. Alin ang pinakamahalagang kasulatan ng Katipunan na ginawa ni Jacinto? Bakit?
4. Banggitin ang ilang mahalagang aral na nakalaman sa nasabing kasulatan.
5. Paano ipinakilala ni Jacinto ang kanyang maalab na pag-ibig sa bayan noong siya'y nag-aaral sa UST?



Maligayang Pasko
at
Manigong Bagong Taon!
Metro Products, the brand worthy of your Confidence!
EXPELS INTESTINAL WORMS
CAL-VI-RON
TIBITABS
FIGHTS MALARI
CORQUINCAL AMPOULES
Dhobinol
SULFATHIAZOLE
THE FUTURE HOME OF METRO DRUG CORPORATION
Tanging Tagapamahagi:
METRO DRUG CORPORATION
880-882 Rizal Avenue
Manila, Philippines

tong mga nagdaang araw ay madalas silang magkasumangan ni Marcelo, sa pangyayaring nagpapakalabis nang lubha sa sarili ang kanyang asawa, ni minsan ma'y hindi siya nagkukulang sa kanyang tungkulin dito bilang isang asawang siyang sinumpaang mamahalin hanggang sa libingan. Unti-unti nang natutuhan niyang ibigin at itangi ang ama ng kanyang anak. Kaya't nang ito'y mapapahiwalay sa kanilang mag-ina ay parang may isang kamay na bakal na biglang dumakot sa kanyang dibdib at lumikha ng malalim na sugat.

Limang taon na ang gulang ng anak ni Senyang, nguni't hindi pa rin bumabalik ang ama ng kanyang bunso. Naging walang hanggan ang kanyang mga pagluha. Ang lahat ay pinalilipas na lamang niya sa pagtitimpi. Ayaw niyang ipamalay sa kanyang mga magulang ang malabis na kapighatiang dinaranas nilang mag-ina. Mahal din niya ang kanyang ama't ina, maaaring ang mga ito ang higit na daranas ng malaking pagdaramdam sa sandaling mabatid nilang ang lalaking pinili nila para sa kanilang anak ay isang pagkakamali.

Mula noon ay naghintay si Senyang sa pagbabalik ng asawang sa wari'y nakalimot na sa kanila. Kung minsa'y naiisip niyang tila wala na nga siyang kaligayahan sa kanyang buong buhay. At sa lahat ng sandali ng kanyang pag-iisa ay lagi niyang inaabangan ang muling pagkakailaw ng diwa ni Marcelo, na makapagpapanumbalik sa mga ngiti at halakhak ng kanyang anak, na sa tuwina'y laging nagtatanong at nananabik sa pagmamahal ng isang ama.

* * *

BISPERAS na naman ng Pasko...

Nang umagang iyon ay may panauhin si Senyang.

—Hindi ko inaasahang mapapadalaw ka rito sa amin, — tumatahip ang dibdib ni Senyang.

Napansin ng panauhing walang ipinagbabago ang dating kagandahan ng babaing minsan nang nagkaroon ng pitak sa kanyang puso sa kabila ng maraming taong hindi nila ipinagkita. May anak na si Senyang, nguni't iyon rin ang dating kariktang napalilok sa kanyang mga titig.

—Ako ma'y hindi ko rin inaasahang makararating dito sa inyo, Senyang, — pigil na pigil ang pagsasalita ng kausap. — Alam kong tapos na sa atin ang mga dating kahibangan ng damdamin.

Hindi nila naiwasan ang pagsasalubong ng liwanag ng kanilang mga mata. Kitang-kita ng lalaki ang pamumuo ng luha sa mga sulok ng mga mata ni Senyang.

—Nais kong muling ihandog sa iyo ang dati kong paglilingkod.

—Roberto...! — at napalakas ang tinig ni Senyang, — nalimutan mo na bang iba na ngayon ang aking kalagayan?

—Nguni't pinababayaan ka niya at wala kang kaligayahan sa kanyang piling! — pagpapagunita ng binata.

—Utang na loob... huwag mong sugatan ang aking puso. Nagkakamali ka ng paratang. Hindi humihiwalay sa akin ang kanyang katauhan pagka't naririto at kapiling ko ang kaligayahang isinanla niya sa akin na mamamalagi sa habang panahon.

—Paniwalaan mo ako, Senyang... hindi na siya darating. Ganap ka nang nilimot niya at pinabayaan sa iyong pag-iisa.

Hindi napigilan ni Senyang ang paggawa ng landas ng mga luhang humilam sa kanyang mga [illegible]

—Hindi mamamatay ang aking pag-asa, — maagap na sambot ni Senyang, — sapagka't habang buhay ang kanyang alaala ay mananatili ako sa kaligayahan.

—Malaking kasinungalingan! Sa anyo mong iyan ay masasabi mo ba sa akin na ikaw ay naliligayahan, gayong nababatid kong hindi mo tunay na iniibig si Marcelo? — at malalakas na halakhak ang halos nakapagpatulig sa pandinig ni Senyang.

—Siya'y asawa ko, Roberto,




sa harap ng batas ng Diyos at ng tao, — gumagaralgal ang tinig ni Senyang. — Isang walang pangalang pagkakasala ang aking malilikha kung sabihin ko sa iyong ang ama ng aking anak ay hindi mahal sa aking puso at kaluluwa!

—Buong giting at pagpapakatatag na sinalubong ni Senyang ang nagbabaga at nakapapasong titig ni Roberto, samantalang ibig magwala sa kanyang dibdib ang isang damdaming, hindi maipaliwanag ng kanyang kamalayan.

—Ipinaaalaala ko lamang sa iyo, Senyang, na hindi ka makapamamalagi sa pagkukunwari at makapananatili sa pagsisinungaling habang ikaw ay ikaw .! Sapat na ang mga kislap ng luhang nagbatis sa iyong mukha upang patunayan kong ako pa rin ang iyong iniibig at hindi si Marcelo.

Malakas na napahikbi si Senyang at masasal na masasal ang kaba ng kanyang dibdib.

—Roberto... Roberto...! alang-alang sa banal na sumpang binitiwan ko sa harap ng nagniningning na Dambana ng Diyos ay mangilabot ka sa mapanganib na balak na hinahangad mong mamagitan sa ating dalawa.

Ang punung-puno ng pananabik na mga kislap sa mata ni Roberto ay natulad sa pangungulimlim ng liwanag at angking lamig ng gabing halos manuot sa mga buto.

Malayo na ang nalalakad ni Roberto, malayung-malayo na ... nang sabay sa pagsikat ng Tala sa Belen ay mapabalikwas si Senyang sa kanyang malalim na pagdidili-dili dahil sa pagkarinig ng isang tinig na dati nang may taginting sa kanyang puso at damdamin. May luha pa ang kanyang mga mata nang kanyang salubungin ng kapwa tinig ang tinig na iyon.

—Senyang... asawa ko... narito na ako! — tawag ng lalaki sa may hagdan pa lamang.

—Marcelo... — kumikirot pa rin ang kanyang puso nguni't nananabik naman niyang salubong, — hindi kaya ito isang pangarap lamang?

—Hindi... mahal ko, — lipos din ng pananabik na ganti ng lalaki, — ito'y isang katotohanang nagaganap ngayon. Madali ka, ibigay mo sa akin si Dayunyor, nasasabik akong mahagkan ang aking anak!




**(Ang ilang larawang kalakip ng mga kuwento sa bilang na ito ay kagandahang-loob ng mga nakalarawang bituin sa puting-tabing. — P. ng P.)**

Matagal ding nagyakap ang tatlong mag-anak samantalang nilulunod ng walang hanggang pananabik ang mga hinanakit ni Senyang sa asawang hindi nga niya tunay na iniibig nguni't nagkapitak na sa kanyang puso at kaluluwa.

At *sabay sa pagsikat ng Tala sa Belen* at ng pagtunog ng mga batingaw, ay nagduruyan naman sa galak ang matimtimang puso ni Senyang na hindi nakuhang igupo ng kalayaan ng puso't damdamin at ng mapait na pangungulila. (X)

———oOo———

## Sa Puntod . . .

(*Karugtong ng nasa pahina 11*)

ng Kalihim Magsaysay sa Negros Oksidental at pansamantalang winakasan ang terorismo na naghahari roon. Aabot sa 18 pulis at mga tanging pulis ang ipinagharap ng sakdal. Ang pagpigil kay Gob. Lacson ay nilagdaan ng Pangulong Quirino noong maghahatinggabi ng Nob. 21.

Ang bangkay ni Moises Padilla ay inilibing na may buong parangal ng hukbo sa Libingan sa Hilaga noong ika-25 ng Nobyembre. Ang kabaong na nababalot ng isang bandilang pilipino ay binuhat ng mga tauhan ng hukbo bago inilagak sa huling hantungan samantalang sa likuran ay sumusunod ang mga yabag ng mga naulila ni Padilla; ang kanyang ina at mga kapatid na sina Maria, Nely, Liberty, Marietta, Heidi, Priscila, Dionisia, Rodolfo, Donata, Dolores, Maria Teresa at Antonia.

Madamdamin at batbat ng pakikiramay ang mga talumpating binigkas ng mga pangunahing lider ng bansa sa harap ng may 5,000 katao sa sandali ng paglilibing.

Anang halal na Senador Jose P. Laurel:

'Si Moises Padilla ay namatay, nguni't ang kanyang diwa ay mamamalaging buhay. Higit na mabuti ang gayon kaysa mabuhay na patay — patay sa diwa at pagkilala ng kanyang mga kababayan."

Anang Senador Tañada:

"Si Moises Padilla ay makalawang naglingkod sa kanyang inang bayan. Dakila ang una, nguni't higit pang dakila at mabunga at mabisa ang ikalawa niyang pagmamartir."

———oOo———

## Teresita . . .

(*Karugtong ng nasa pahina 9*)

loob ng panahong yaon ay maraming magaganap na pangyayari, na walang sinumang makahuhula. Bukod sa bagay na iyon ay naiisip niya ang napipinto niyang pangungulila. Ang ilang araw na hindi niya masilayan ang dalagang linalangit ay nagdudulot na sa kanya ng labis na kapanglawan, gaano pa kaya ang mga linggo, mga buwan at mga taong ikalalayo nito sa kanilang piling?

Namumula rin ang mga mata ni Tinoy nang lumapit kay Rosalina na noon ay sasakay na sa lululanang trak. Mahigpit na kinamayan ang dalaga at ang wikang gumagaralgal ang tinig:

—Wala akong maipababaon sa iyo, Rosalina, kundi ang dalanging nawa'y magtagumpay ka sa iyong mithiin! Saka... idadalangin ko ring huwag ka sanang makalilimot, laluna sa isang katulad kong kaipala'y walang naidulot sa iyo kundi mga kaabalahan...

—Wala akong itinatangi, Tinoy, — malungkot din ang tinig ni Rosalina. — Kayong lahat na naging bahagi na ng aking daigdig sa munting nayong ito ng Buhanginan ay hindi ko malilimot saan man ako makarating.

—Salamat, kung gayon. — Nagbuntung-hininga si Tinoy at pinakatitigan si Rosalina. — Nguni't mayroon sana akong ipakikiusap sa iyo...

—Ano iyon?

—Ibig ko sanang humingi ng pahintulot na paminsan-minsan ay madalaw kita sa tutuluyan mong dormitoryo, maaari ba?

—Ikagagalak kong madalaw ako ng sino mang kaibigang tagarito sa atin. Mabuti nga't nang may makapagbalita naman sa akin ng mga buhay-buhay ng mga naiwan ko rito sa ating nayon, — ani Rosalina.

Inihudyat na ng konduktor ang pagtulak ng sasakyang patungong Maynila. Pinagkakamayan ni Rosalina ang mga ililisaning kaibigan at niyakap ang inang basang-basa ng luha ang mga mata.

—Umaasa ako, anak, na hindi ka matutulad sa ibang taganayon na tigib ng pag-asang lumisan sa sariling bayan, nguni't umuwing bigo at wasak ang puso dahil sa di pagpapahalaga sa mga payo at pangaral ng nangaiwang mga karugtong ng buhay, — wika ni Aling Anday.

—Makaaasa kayo, Inay, na sisikapin kong huwag mabigo ang inyong magandang pag-asa, — lumuluhang tugon ni Rosalina.

—Sulatan mo lamang kami pagdating mo sa Maynila, hane? Ibig kong malaman agad kung nakarating kayong maluwalhati. Saka iyang mga daladalahan mo, ingatan mo sana. Marami ngayong mabibilis ang kamay...

—Hayaan ninyo, Inay, at ako ang bahala. At susulatan ko agad kayo...

Muling hinagkan ni Rosalina ang ina at nagpapahid ng luhang sumakay na sa trak.

Malayo na ang sasakyan ay iwinawasiwas pa rin ng dalaga ang kanyang panyolito sa mga naiwang mahal sa kanyang puso. Nang ganap nang maglaho ang trak sa paningin nina Aling Anday ay di napigilan ng matanda ang mapahikbi. Samantala'y pinanginginilan din ng luhang nakatanaw si Tinoy sa dakong tinumpa ng sasakyang kinalululanan ng dalagang pinakamahal na niya at iniibig sapul sa kanilang kamusmusan.

(*ITUTULOY*)

———oOo———


## Siyam Na Ama Namin

(*Karugtong ng nasa pahina 13*)

lanta na lamang ang nalalabi sa gitna ng bukid. Walang pagsalang ipapapakyaw ni Aling Badang ang mga naaning yaon sa mga nagsisiluwasan. Magkakaroon na ng pandagdag na gastos si Celso sa kanyang pagtatapos. Siyanga pala... ilang araw na lamang at magiging isang ganap na inhenyero na si Celso. Maipagmamalaki na ni Aling Badang ang kanyang

(*Buklatin sa pahina 32*)



D'ASIS MODELS

Pamalagiing tumutugtog ang mga batingaw, nananatiling masigla ang damdamin, namamalagi ang kapayapaan, pag-ibig at kaligayahan kahit na malaon nang lumipas ang kaluwalhatian ng Pasko...

Kung magbibigay kayo ngayong Paskong ito, gawing pangmahabang panahon — magkaloob ng isang handog na magdudulot ng "Maligayang Pasko" hindi lamang makalawa, makaitlo, kundi magpakailanman...

Ang isang lote sa Santa Mesa Heights ay siyang handog na lilikha sa Paskong ito na Pasko rin kinabukasan. At tandaan, sa Santa Mesa Heights, ANG KAUNTING SALAPI AY MAKABIBILI NG MALAWAK NA LUPA.

# GREGORIO ARANETA, INC.

343 Echague, Maynila • Tel. 3-29-41

## Siyam Na Ama Namin .

(*Karugtong ng nasa pahina 30*)

anak, si Inhenyero Cel... si Celso! Biglang napakunot ang noo ni Claring. Napabaling na muli ang kanyang mata sa sakahan nina Puring. Hindi kaya si Celso ang mahiwagang tagahanga niya? Hindi kaya ang binatang ito ang nagpapahatid sa kanya ng mga liham na punong-puno ng pag-ibig at pagsusumamo? Nag-aalinlangang naihagod ng dalaga ang kanyang kamay sa tila namimigat na niyang noo. Bihi-bihira niyang makita si Celso. Sa Maynila ito naglalagi pagka't doon nag-aaral. At kung umuwi man ay magha-maghapong nasa bukid, tumutulong sa amang nag-aalaga ng mga tanim. Sa paminsan-minsan naman nilang pagkikita... kapagka nagkakataong bakasyon ng binata at siya nama'y napapakisuyuan ng ina nito na tumulong sa mga tanggap na burdahin, tulad na nga ng araw na iyon, ay mapalad na ang makapagpalitan sila ng dalawa o tatlong salita. Nahihiyang di mawari'y ngumingiti lamang si Celso. Muling napailing ang dalaga. Namali na naman yata siya ng hinuha.

—Hm! E ano ba kung di ko siya makilala! —waring nayamot pa si Claring sa sarili nang hindi niya mahulaan kung sino ang mahiwagang tagahanga niya. Tumalikod na sa kanyang pamimintana at tangka sanang itago ang katutunghay pa lamang na liham nang masulyapan ang sarili sa malaking salamin sa kanyang aparador. Bigla siyang napatigil napatitig sa salamin... unti-unting napalis ang pangungulimlim sa magandang mukha-ng dalaga, napangiti siya. Naalala niya ang ikinuwento ni Puring nang hapong iyon. Siyam na "Ama Namin" na siyam na gabing dadasalin... at pagkatapos ay haharap sa salamin na may hawak na kandila.

—Subukin ko kaya... —namimilog ang mga ni Claring habang pinagtitibay ang isang balak, —wala namang mawawala kung sakaling hindi magkatotoo, basta't hindi ko na lang ipamamalay sa kanila, kahi't na kina Puring. —At sa isang saglit ay nakabuo ng pasya ang dalaga. Susubukin niya... magbabaka-sakaling makilala si Luksang Paruparo.

At nang gabi ngang iyon, nang ganap na ika-siyam ay pinasimulan na ng dalaga ang pagdarasal. Taimtim niyang inusal ang siyam na "Ama Namin" at dinagdagan pa ng ibang dasal sa pag-asang magiging lalong mabisa ito't makakatotoo nang naayon sa kanyang ninanais.

Maganda ang panahon nang ika-siyam na gabing pagdarasal ni Claring. Maliwanag at kabilugan ang buwan at katu-katulong na nagsasabog ng liwanag ang kukuti-kutitap na mga bituin sa kaitaasan. Nguni't ang kagandahang iyon ng gabi ay hindi napapansin ng dalagang buong pagkainip na naghihintay sa pagsapit ng ika-labing dalawa ng hating-gabi. Sa kanyang pagkakahiga ay sari-saring pangitain ang nagsasali-salimuot sa kanyang isipan. Ang mahalumigmig na hanging marahang pumapaspas sa nakabukas na bintana ay minsang magbigay-kilabot sa buo niyang katawan. Hindi naman niya maipinid ito pagka't natatakot siyang hadlangan ang liwanag ng buwan na pumapasok dito.

—Bakit ko ba naisipan pang gawin ito,—sisi niya sa sarili nang tila hindi na mabata ang takot na gumigiyagis sa kanyang katauhan. —Baka pa kalansay ang magpakita sa akin e... susmariosep!—at mistulang batang nagkulubong ng kumot ang dalaga.

Datapuwa't ang gayon niyang ginawa'y nakabuti. Ang prenelang kumot na ibinalot niya sa kanyang katawan ay nagbigay init sa pinanlalamigan niyang mga paa't kamay. Ginitian siya ng malalaking butil ng pawis at kasunod niyo'y unti-unting napawi ang kanyang pagkasindak. Bumalik ang dati niyang hinahon at pamuling namayani ang masidhing hangaring makilala ang kanyang magiging kapalaran.

Di naglipat saglit ay umalingawngaw sa gitna ng katahimikan ang mababang tinig ng lumang orasang nakasabit sa loob ng kabahayan. Inihuhudyat na ang ika-labing dalawa ng hating-gabi. Saglit na napigil ang paghinga ng dalaga. Oras na.. kailangan na niyang kumilos. Sinalat niya ang posporong nakapailalim sa kanyang unan at inabot ang isang mahabang kandila sa kanyang ulunan. Matapos makimatyag at matiyak na nahihimbing nang lahat ang kanyang kasambahay ay dahan-dahan siyang bumangon. Nangininig ang kanyang tuhod at waring lalong lumamig ang hanging dumadampi sa kanyang pisngi. Lumakas ang pagtahip ng kanyang dibdib.

—Bahala na!—pampalakas-loob na bulong niya sa sarili. Nagkiskis na siya ng posporo at sinindihan ang kandila. Sa simula'y tila ibig pang mamatay ang ningas, aandap-andap... tulad ng pag-andap ng kanyang kalooban. Sa maingat na pangangalong sa hangin ay unti-unting nabuhay ang ningas... at unti-unti ring naitaboy ang dilim na kumukubkob sa loob ng silid. Dahan-dahan niyang inihakbang ang kanyang mga paa... patungo sa salamin. Umingit ang sahig. Saglit siyang napatigil.—Tila napakabigat ko naman yata a... —ang naisaloob niya, at patiyad na nagpatuloy sa paghakbang.

Nakasisilaw ang liwanag ng kandila nang mapatapat sa salamin. Napapikit ang dalaga. Makailang ulit munang kumurap-kurap bago unti-unti at sikdu-sikdo ang dibdib na iminulat ang kanyang mga mata. Wala! Liban sa kanyang sarili'y wala siyang ibang nakikita. Itinaas pa niya nang bahagya ang hawak na kandila sa pagbabaka-sakaling nasa gawing ulunan niya... wala rin! Napapailing na bumulong ang dalaga... makikita bukas ng Puring na iyan, pulos biro!

Tatalikod na sana't babalik na siya sa kanyang higaan nang biglang umingit ang sahig. May naramdaman siyang kaluskos sa kanyang likuran. At kasunod niyo'y nakabanaag siya ng isang mukhang nakapanunghay sa kaliwang balikat niya. Nakangiti ito't nakatingin sa kanya.


—Susmaryosep!—ang bigla niyang nasambit at sa malaking pagkagulat ay nabitiwan ang hawak-hawak na kandila. Nanlamig ang buo niyang katawan at nawalan ng tatag ang kanyang mga tuhod. Tutop ang dibdib na napapikit na lamang siya nang mariin...

Nang magmulat siya ng mata'y nasa harapan niya ang kanyang ina at galit na galit na nagkukukumpas.

—Ano ang kahulugan ng lahat ng ito, ha, Clarita? At ikaw naman Celso, bakit ka naririto?

At saka pa lamang napagsino ng dalaga ang katabi niya na maingat na nakaalalay sa kanyang katawan tila pinanawan ng lakas. Nakatungo si Celso samantalang buong pagpapakumbabang tinatanggap ang lahat nang sabihin ng kanyang Ina.

—Mga batang ito... bakit hin-



di kayo ngasabi kaagad, biruin ninyong iskandalo ito. Muntik pa kayong lumikha ng sunog!

Nasulyapan ni Claring ang kandila. Nakagulong ito sa sahig at katabi ang kumot niyang prenela na tupok na halos ang kalahati at bahagya pang umuusok.

—Huwag kayong mag-alaala, Aling Kanding, nakahanda ho akong panindigan ang lahat nang ito,—tulad sa isang tunay na maginoo ay buong tatag na winika ni Celso.

—Iyan na nga lamang ang nararapat mong gawin,—anang matanda.

Naging napakabilis ang mga pangyayaring sumunod sa maikling pag-uusap na iyon. Tila isang pangarap na nagdaan kay Claring ang madaliang pagdaraos ng kasal nila ni Celso. At hanggang sa sandaling napagisa na sila'y natitilihan pa rin siya't di makapaniwala sa mga pangyayaring iyon na biglang nagpabago sa takbo ng kanyang buhay. At ni hindi niya maunawaan kung bakit walang pagtutol niyang tinanggap na maging kaisang-puso si Celso.

—Claring, patawarin mo sana ako kung sakaling di mo naibigan ang mga nangyaring ito, —sa mababang tinig ay simula ni Celso nang sila'y nagkakasarilinan na. —Hindi ko tangka ang biglain ka... nais ko sanang magpakilala muna't isamo sa iyo nang harapan ang masidhi kong hangarin na sa pamamagitan ng liham ko lamang naihahayag.

—Sa pamamagitan ng liham? —namamanghang napatingin si Claring sa kaharap at sa kauna-unahang pagkakataon ay napatitig sa mga mata nito. Mamughaw-mughaw pala't kapanga-pangarap ang animo'y sumasamong mga mata ni Celso. At ang matangos na ilong nito'y nakabagay sa hawasan nitong mukha. Napansin pa rin niyang alun-alon at malago ang buhok ng kanyang naging kabiyak — Kung gayo'y ikaw si... Luksang Paruparo!—anyang tila namamalikmata.

Banayad na tumango ang lalaki. —Oo, ako nga... di ka ba nagagalit?

Sa katanungang iyon ay hindi nakuhang itunghay ni Claring ang kanyang mga mata. Napatungo siya't di kinukusa ay nakapagpahulagpos ng isang buntong-hininga.

Madaling nawatasan ni Celso ang kahulugan ng di pagtugon ng sinisinta. Napapangiting hinawakan niya ang kamay nito at pamuling nagsalita. —May isa pang bagay akong sasabihin sa iyo. Uli-uli, mahal na Ginang, ay huwag kayong magpapaniwala sa mga mali-maligno. Mabuti nang mabuti kung matitiktikan ko kaagad, e kung hindi ... di malamang na ang mga karibal ko pa ang nakasungkit sa inyo!

—Aba! At natiktikan lamang pala ako ng salbahang ito... —biglang nawala ang pangingimi ni Claring.—Akala ko pa nama'y nagkabisa nang totoo ang aking pagdarasal...—at napapatawang pidapo niya ang isang mariing kurot sa bisig ng nanunuksong kabiyak. (X)

———oOo———

## Sa Pagsilang . . .

*(Karugtong ng nasa pahina 8)*

makapaniwala sa katotohanan kahi't nadarama na niya ang init ng dibdib ng kayakap na bunso. Subali't napahid ang pag-aalinlangang yaon nang magsalita ang anak at ibalita ang tunay na pangyayari: Si Ricardo ay nabihag pala ng mga kaaway. Kasama ng ilang Pilipino na ikinulong sa isang madilim na piitan at nakatakdang kikitlan ng buhay. Subali't sa kabutihang-palad ay nakatakas siya at apat pang mga kasama. Nagsipamundok sila at nanatili roon sa loob ng ilang taon... hanggang sa mapawi ang usok ng digma. Subali't sa pangambang baka sila'y matagpuan ng mga kaaway kung sila'y mananaog sa bayan, minapat nilang mamalagi na muna roon hanggang sa magkaroon ng mabuting pagkakataong makauwi nang ligtas sa sariling bayan. Nabubuhay sila ng kanyang mga kasama sa pagkain ng mga bungang-kahoy. Hindi pa nila mababatid ang payapa at maayos na kalagayan ng daigdig kung hindi sila natagpuan ng ilang amerikano sa bundok na kanilang pinagtataguan na siyang nagbalita sa kanila ng katotohanan. Sa tulong ng mga amerikanong nakatagpo sa kanila ay inihatid silang lulan ng aeroplano sa kani-kanilang sariling bayan...

—Diyos ko... salamat at ibinalik Ninyo sa akin ang aking anak!—may luha pa rin ang mata ng matanda nguni't luha na ng kaligayahan.

—Ngayon, Inay, ay mananatili na ako sa inyong piling upang kayo'y paglingkuran sa mga nalalabi pang araw ng inyong buhay!—masayang nawika ni Ricardo. —May tatanggapin akong salapi buhat sa ating pamahalaan. Bukas na bukas din ay lalakarin ko upang maihandog ko sa inyo. Magiging maligaya na kayo, Inay. Mahango na kayo sa kahirapan...

Nang ihudyat ng mga batingaw nang gabing yaon ang pagsilang ng Dakilang Mesyas, ang mag-inang Ricardo at Tandang Tasya ay kabilang sa nagsipagbunyi at masayang sumalubong pagka't sa kanilang mga puso ay nag-uumapaw ang walang kahulilip na luwalhati! (X)

*Gamitin ang inyong daan sa himpapawid . . .*




At Tamasahin ang mahabang Araw ng Pamamahinga. Ang paglipad ay higit na mabilis.. nagtitipid para sa inyo ng mahahalagang sandali, ng mga araw ng paglalakbay. Ang mabilis at mapagtitiwalaang PAL DELUXE DC-3's ay maghahatid sa inyo sa inyong patutunguhan na ganap na nagpapahinga... lubos na nagpapahingalay. At maging sa bilis at kaginhawahan, ang paglipad sa PAL ay kalimitang may mababang halaga.

*Gumawa ng pagpapalaan sa inyong pinakamalapit na tanggapan ng PAL.*

PHILIPPINE AIR LINES
ROUTE OF THE Orient Star

PAL'S NEW TELEPHONE NUMBER
is 3-83-11
(CONNECTING ALL DEPARTMENTS)








Ang sapatos na pamasko sa lahat






Para sa babae

El Porvenir Rubber Products, Inc.
3rd. Avenue, Grace Park
Caloocan, Rizal


Ang tatlo sa mga nakapagpadala ng tumpak na sagot sa tanong sa pahina 2 noong nakaráang bilang ng Magasin ng BAGONG BUHAY na napiling pagkalooban ng pabuya ay ang nangasa ibaba. Tatanggap sila ng tigatlong buwang walang bayad na suskripsiyon ng Panlinggo ng **BAGONG BUHAY** at ng tig-isang aklat na tagalog bilang sorpresang gantimpala.

**Bb. Aurea P. Villasan** — Edison Pharmacy, 502 Taft Ave., Maynila
**Isabelita Sambeli** — Buting, Pasig, Rizal
**Rodolfo de la Peña** — 416 Madre Perla, Vito Cruz, Ext., Singalong

Ang tumpak na sagot sa kung ano ang pamagat ng pelikulang linabasan ni Anita Lindá na sinasabing magbibigay sa kanyá ng karangalang "Ang Pangunahing Bituing Babae ng Taon" ay dili iba't ang "SISA" ng Premiere Productions na kasalukuyang itinatanghal sa iba't ibang pook ng Kapuluan.

Sa karamihan ng tinanggap naming mga tumpak na kasagután na pawang iisá ang tatak ng koreo ay minarapat ng patnugutan na daanin na lamang sa sapalarán ang pagpili sa tatlong pagkakalooban ng "maliit na pabuya." — P. ng P.

## Pasko Rin Noon . . .

(*Karugtong ng nasa pahina 26*)

nang tanda ni Luisa sa pagsayaw ay ipinagkaloob nito sa Direktor ng pagamutang panlalawigan.

Ang tangka ni Luis na pagpapaliwanag ay nahalinhan ng mga lihim na hinanakit at lalo siyang nagdamdam nang madama niya ang mga pag-iwas ni Luisa. Wasak ang dibdib na nilisan ng binata ang bulwagang yaon, pagkatapos na ang kanyáng mahal ay makapagpugáy sa madlá dahil sa pagbabalita ng Direktor ng pagamutan na si Luisa ay nahirang na maging isa sa mga manggagamot sa kanilang ospital na panlalawigan. Hindi siya nagkamali ng sapantaha na ang natuklasan niyang lihim tungkol sa kahapon ng kanilang mga magulang ay nabatid na rin ng kanyang paraluman, at yaon kaipala ang dahilán kung kaya siya iniiwasan.

Dalawang taon ng hindi pagkakaunawaan ng dating magkasintahan ang nagdaan sa kanilang buhay, at sa loob ng panahong iyan, bagaman kapuwa sugatan ang puso, sa kanilang mga hanapbuhay ay nakabuo sila ng tig-isang kuwintas na ang bawa't butil ay isang tagumpay.

Isang araw, ang mataas na lipunan sa kanilang lalawigan ay ginulantang ng balitang si Doktora Luisa Romasanta ay tinanghal na may-bahay ng punong manggagamot sa ospital na pinaglilingkuran. At bilang ganting-tugon sa mariing dagok na yaon sa pusong nagmamahal pa rin ng manananggol, ay sinunod niya ang pithaya ni don Ricardo na ihatid niya sa harap ng altar ang dalagang nahirang naman nito para sa anak na minamahal.

Nguni't ang mabait na asawa ni Luis na naging masasaktin sa unang panahon pa lamang ng kanilang pagsasama ay hindi nagtagal at binawian ng buhay. Nang mabalo si Luis ay iniukol niya ang buo niyang panahon sa pagpapakatanyag sa kanyang propesyon.

Samantala, sa isang paglalakbay ng mga manggagamot na sasaksi sa isang panayam, ang sasakyang kinalululanan ng asawa ni Luisa ay sinamang-palad na maging biktima ng mga tulisang nangharang. Ang punong-manggagamot na asawa ni Luisa ay isa sa mga napatay. Sa pasiya ng lupong may karapatang humirang ng ihahalili sa nasawi ay si Luisa na rin ang kanilang pinagkasunduang ilagay.

Nang dumating ang panahon ng politika upang ihalal ang mga punong pambayan at panlalawigan, ang magkapatid na don Ricardo at don Lucio ang nilapitan ng mga politikong naniniwala sa kakayahan ng abugadong si Luis, upang ito ang ikandidatong Gobernador ng kanilang lapian. Sa pagsang-ayon ng dalawang matanda ay hindi nakapangibabaw ang pagtanggi ng manananggol.

Isa ring tanyag na politiko at may kaban ng salapi ang kalaban ni Luis, nguni't habang nalalapit ang halalan ay tinitiyak ng kannyang mga tagapagtaguyod ang tagumpay. Subali't isang araw ay isa niyang lider ang humahangos na dumating sa kanyang tahanan at ibinalitang ang kababayan niyang si doktora Romasanta ay madalas na pinagyayao't dituhan ng kanyang kalaban. Kaibigan ni Luisa ang lahat ng mataas na tao sa lalawigan at natulungan na rin niyá ang mga dukha dahilán sa kanyang pagka-manggagamot, kaya't sa pagtangkilik ng doktora nasasalalay ang ipagtatagumpay ni Luis.

Ang ilang ulit na pagsasadya ni Luis sa tahanan nina Luisa ay pawang naging mga kabiguan, pagka't minsan man ang doktora'y hindi niya nakapanayam. Tatlong araw na lamang at halalan na nang masaksihan ang hayagang pagkampanya ni Luisa para sa kandidatura ng kababayan niya, kaya't ang naging tagumpay ni Luis ay hindi naitangging utang niya sa magandang doktora.

Mag-iika-walo na ng gabi ng ika-dalawampu't apat ng Disyembre. Sa bahagyang nakapuwang na pintuan ng tahanan nina Luisa, si Luis ay nakasilip at nagmamasid sa kanyang paralumang nag-aayos ng isang malaking puno ng pasko. Magalang siyang kumatok sa pintuan at masigla namang binuksan ng may-bahay, nguni't nabigla si Luisa nang makilala ang panauhin

—Kayo, Gobernador...! Napadalaw kayo rito? May maipaglilingkod pa po ba ako? — tanong ng magandang balo.

—Oo, Luisa, Pasko rin noong tulad ngayon at ang ipinagkait sa atin noong unang panahon ay siyang paglilingkod na inihahandog ko sa iyo ngayon.

——Ngayon pa kaya, Luis, na isa ka nang Gobernador...?


——Utang ko sa iyo, Luisa, ang karangalang iyan at sa Paskong ito na tulad din noon, ay aawitin natin ang pagmamahalan hanggang sa wakas ng panahon... — at ang dalawang pusong pinaglayo ng maraming taon at ng balighong mga pangyayari ay minsan pang nagtatalik sa luwalhati at kaligayahan!

(X)

## Pasko na . . . (karugtong)





*Umiiyak si Totoy at si Nene... nguni't hindi pinapansin ni Kumare pagka't abalang-abala siya sa pag-iisis ng kanilang bahay. Malapit na nga naman ang Pasko, at baka dumalaw sina Kumpare ay kahiyahiya kung di "bagong paligo" ang kanilang tahanan.*




*Umaawit pa ang dalaga habang ikinakabit ang bagong biling kurtina. Sa Pasko ay walang pagsalang dadalaw si "Mr. Kuwan", at sa kanilang pagtatalik ay magsisilbing panabing ang kurtinang ito sa paningin ng kanilang kapit-bahay. Tangi sa riyan ay sadyang di niya nakakaligtaang "palamutihan" ang kanilang durungawan sa tuwing sisikat ang Tala sa Belen.*


*"Hummm! kamakailan lang ay ipinanahi na kita ng baro, ngayo'y baro na naman!... Hindi bale. Pasko na nga pala... nang hindi ka naman maging huli sa iyong mga kapuwa bata!" at nangingiting sinukatan na ng iña ang kanyang bunso. Sa labis na katuwaan ay muntik nang mapalukso si Nene.*





*Ilang araw na lamang at isisilang na ang Mesyas... kaya si Lolo ay gumagawa ng parol upang maipahiyas sa kanilang bintana. Sa pagkabuhos ng loob sa ginagawa ay di na tuloy nararamdamang upos na pala ang nakasupalpal na tabako.*





*Sina Virginia Montes at Ester Buenaobra, sa isang tagpo sa "BIRTUD" ng Premiere Productions.*

# Sa Puting-tabing

**ni MATAMPUHIN**

Sa mga artistang hindi naki-lahok sa politika dahil sa mga pansariling kadahilanan ay ka-bilang ang dalawang kalbong sina Pugo at Togo Kahi't du-mulog sa kanila ang magandang pagkakataon upang kumita ng limpak-limpak na salapi, ay nagpikit na lamang sila ng mga mata.

Sa isang kandidatong lumapit sa kanila noong bago magha-halalan at hinihiling na magsalita sila sa isang miting ay ganito ang kanilang isinagot:

—Nagpapasalamat kami sa magandang alok ninyo, ginoo. Nguni't matitiyak ba ninyong kayo'y walang kagalit at walang nagtatangka sa inyong buhay?

—Siguradong marami ang nagtatangka sa aking buhay pagka't nais nilang ako'y ibag-sak sa halalang ito, — tila nag-mamagaling pang sagot ng kandidato.

—Kung gayon, kayo na lang ang magsalita sa inyong miting, —sagot ng dalawa.—Nais pa na-ming makapaglingkod sa bayan sa pamamagitan ng pagpapata-wa sa puting-tabing. Kaya hindi namin nais madamay na "ma-tagot sa kamay ng mga taong nagtatangka sa inyong buhay! —at sinundan nila ng paalam.

---

Isang araw kamakailan, si Joe Climaco ay biglang dumating sa istudyo ng LVN na masa-yang-masaya. Bagaman hindi naninigarilyo, ay pinag-aabutan niya ng tabako ang lahat ng naroroon. Ang dahilan? Si Di-rektor Climaco ay naging isang ama na naman! Ang una'y sa bunso niya sa yumaong si Lilian Valez, ngayo'y sa anak niya sa dating si Betty Silos Nagluwal ng malusog na sanggol na lala-ki ang kanyang kabyak, at ang gayo'y ibinalita niya sa mga ka-ibigan sa pamamagitan ng ta-bako.

---

Bukod sa pagiging isang ma-buting artista, si Gregorio Tic-man ay masasabing maginoo. Sa halip na malungkot sa 'pag-bagsak" niya nitong nakaraang halalan, tinanggap niya iyon nang maluwag sa kalooban. Nakatawa pa siya sa pagsasa-bing pabiro, ng: "Ako naman pala ay mabuti rng tao, ano?"

—Bakit?—usisa ng ilang kai-bigan

—Aba, e, akalain mong may-roon ding bumoto sa akin!

At si Ticman ay may katwi-ran. Kung siya nga naman ay hindi isang mabuting tao, kai-pala'y wala sa kanyang boboto kahi't isang manghahalal.

---

Isang pangkat ng mga manu-nulat ang lumusob noong isang araw sa tahanan nina Lilia Di-zon. Kung ano ang sadya, iyan ang hindi natin malaman. Ngu-ni't ito ang istorya: bagaman noon ay paalis ang mag-asawang Gil at Lilia, iniurong ang ka-nilang lakad at hinarap ang mga panauhin. At bago sila sama-samang umalis pagkaraan ng may kalahating oras, nagdidig-hayan ang mga kawal ng "ika-pat na kapangyarihan" sa ka-sarapan ng masaganang mirin-dal na inihandog sa kanila ni Lilia.

Sa mga bituin sa puting-ta-bing na masasabing mabuting magsitanggap at makitungo sa kapuwa, ay kabilang sina Gil at Lilia. Kaya naman lalong kina-giliwan sila ng marami, lalu-na ng mga manunulat! (Baka naman lalong tumangos ang i-long ninyo, Gil... Lilia!)

---

Minsan, nang mapasyal ka-mi sa tahanan ng magkabiyak na

*Si Delia Razon ay isang marilag na mang-aawit na may di-ma-bilang na tagahanga sa "BOHEMYO" ng LVN na pinamamaha-laan ni Direktor Gregorio Fernandez. Sa pelikulang ito'y ka-tambal ni Delia si Mario Montenegro at ipinakikilala si Lety Alonzo, ang bagong tuklas na bituin ng LVN.*



*Sa tagpong ito sa "MALULOS" ng Premiere ay tila nagagalit si Eddie del Mar. Kung ano ang kanyang ikinagagalit ay siyang hindi malaman. Itinatampok sa panooring ito si Nena Carde-nas, sa pamamahala ni Direktora Consuelo P. Osorio.*



Pancho at Tita ng Sampaguita Pictures, ay napansin namin ang makulay na gaiaw ng buhay sa loob ng tahanang yaon. Magkapiling na nilalaro noon ng dalawa ang kanilang mga bunso at magiliw na nag-uusap...

—Nasisiyahan ka ba, mahal ko, sa piling ko at ng ating mga supling? —narinig naming tanong ni Pancho kay Tita.

—Sa inyong piling, mga mahal ko, ay wala na akong mahihiling pa sa Lumikha!—nasisiyahang tugon ni Tita na hinagkan pa sa pisngi ang kabiyak. —Nguni't ipangako mo sa aking hindi ka makikipag-'date sa iba, hane?

—Maaasahan mo, asawa ko! —natatawang wika ni Pancho na hinagkan din sa pisngi ang asawa.—Sa piling ninyo ay wala



*Ang kabighabighaning si Angelina Razon, isa sa mga bituing tumutupad ng mahalagang papel sa "BIRTUD" ng Premiere.*

akong iisipin kundi madulutan kayo ng lubos na kaligayahan at mabigyan ng magandang kinabukasan ang ating mga bunso!

Sa tagpong iyon ay nasabi namin sa sarili na mauuliran ang pagmamahalan nina Tita at Pancho. Nakapananaghili sila, hindi po ba?

---

—Ano ang papaskong hihilingin mo sa iyong mga tagahanga, Alice? —tanong naming pabiro nang makausap namin si Alicia Vergel sa istudyo ng Sampaguita.

—Wala... kundi ang patuloy sana nilang tangkilikin ang mga pelikulang Tagalog, maging likha ng aming samahan o hindi, —nakangiti niyang tugon.

—E, ikaw naman... ano ang maihahandog mo sa kanila?

—Ang mataos na dalanging maging maligaya sana silang lahat sa Paskong ito, at ang ibayong pagsisikap na makalikha ako ng maririkit pang pelikulang kalulugdan nila—At kapala'y hindi mabibigo ang hangarin iyan ni Alice. Amen.



*Kapangi-pangimbulo ang ayos na ito nina Rosa del Rosario at Teody Belarmino na kuha sa isang marikit na tagpo sa "SINGSING NA SINULID" ng Royal Productions. Ang pelikulang ito na sinulat ni Jose L. Santos ay malapit nang mapanood sa Dulaang Clover.*

Si Nena Cardenas ay itinuturing ng marami na pangunahing bituin babae dahil sa pagtatamo niya ng "Maria Clara Award" bilang Pinakamabuting Artista ng Taong 1950. Subali't isang bagay ang maipupuri sa kanya: sa kabila ng natamo niyang karangalan ay hindi siya kamamalasan ng anumang pagbabago. Higit na malugod at magiliw siyang makipag-usap sa lahat, lalung-lalo na sa kanyang mga tagahanga.

Nang minsang dumalo si Nena sa Premiere ng isang pelikulang linabasan niya ay pinagkaguluhan siya ng mga tagahangang nagpapalagda sa mga "autograph." Bagama't halos mabuwal na siya sa dami ng nagsisiksikan ay nakangiti pa ring nagpaunlak. Nang matanaw ni Nena ang isang batang babaing nasa dakong likuran na sa anyo ay tila ibig nang maiyak pagka't nais ding magpalagda nguni't hindi makasingit, ay siya na ang nagsikap makalapit dito. Kusang linagdaan niya ang "autograph" ng bata na nagalak naman sa kanyang kagandahang-loob.

---

Minsan, samantalang si Leila Morena, ay naglalakad sa Escolta upang mamili ng ilang kailangan, ay nasalubong siya ng isang lalaki. Kasama niya ang isang kaibigang dalaga.

—Leila! Kumusta ka! —bati ng lalaki, at siya'y kinamayan.

—Mabuti naman, —nakangiting tugon ni Leila na malugod na iniabot ang kanyang palad.

—Kay-ganda mo ngayon... saka nasa tugatog ka na ng karangalan!—wika ng lalaki.

—Hindi naman... ang lagay, e... sinisuwerte lamang ng kaunti, —sagot ni Leila.


Hindi na sila nagtagal ng pag-uusap pagka't nagmamadali ang kasama ni Leila. Subali't ang nakakatawa ay ito: Nang malayo na sila ay liningon ni Leila ang lalaki at ang tanong sa kasama:


—Sino ba 'yon, kakilala mo ba?

—Bakit, hindi mo ba siya kakilala? — namamanghang usig ng isa.

—Hindi, e! Kaya lamang hindi ako nagpahalata ay para walang mawika! Nguni't ang totoo'y ngayon ko lamang nakita ang taong iyon!

Napamaang na lamang ang dalagang kasama ng marilag na bituin, at naibulong sa sarili na talagang katangi-tangi si Leila.






**PAHALANG**


1. Bungang-tulog
9. Takba
14. Pag-uukol ng isip
15. Lukton (kinaltas ang unang titik)
16. Pinupol
17. Tinala
19. Iwawaglit
20. Disipulo sa Damaskus
21. Katagang panlapi
22. Kitil
23. Patibong
27. Inuming may ispiritu
28. Palayaw ng babae
32. Sala
33. Sige nang sige
35. Hinuha
37. Pangalang babae
38. Ikumusta
39. Nahigtan
41. Salok
42. Magulang
43. Daloy
44. Masarap na lutuin sa baboy
45. Biyaya sa halaman
46. Akma (unang pantig)
47. Ihilig sa pader
51. Kaputol ng pusod
56. Lansangan sa likuran ng FEU
57. Inilapag
58. Anong ginawa
59. Raha ng Bangkusay
60. Igib
61. Republika sa T Amerika

**PABABA**

1. Tuta
2. Lunas sa lungkot
3. Tiya
4. Dumi sa kisame
5. Takalan ng butil
6. Ilista
7. Naroon
8. Pinatatayog
9. Hulagpos
10. Pananong ng bagay
11. Inuming galing sa sasa
12. Amoy ng lumang langis
13. Bingaw (huling pantig)
18. Pagdaing ng lubhang masakit
22. Dumhan ng pinagsunugan
23. Gumapas
24. Bigas na galing sa labas
25. Pagkabahala
26. Pagkukuro
27. Pahinuhod na may pasubali
28. Dako ng lupang pababa
29. Iulos
30. Lamad
31. Inusad
34. Agad (huling pantig)
36. Sabaw-sinaing
40. Lalabis sa timpla
44. Pantusok sa damit
45. Itinulak ng hangarin
46. Daratnan pa
47. Pag-uurong ng kinanan
48. Maramihang pagsisiyasat ng Hapon
49. Butil na ginto ng pangungusap
50. Mariano
51. Pagsasama ng ibang butil sa sinaing
52. Kalahating dosena
53. Wasto
54. Ibakli (kinaltas ang huling titik)
55. Pabangong ipinamamahagi ni L Pellicer

**TINGNAN ANG TUGON SA SUSUNOD NA LINGGO**

## Sagot sa Nakaraan








## Mga nanalo sa PALAISIPAN noong Dis. 2

1. *Gng. Eufracia C. Alvarez* — Indang, Kabite
2. *Bartolome Tolentino* — 258 B Decena, Pasay City
3. *Ising Reyes* — Sta. Lucia, San Juan, Rizal
4. *Artemio Gutierrez* — Kanluran, Naik, Kabite
5. *Roman Evangelista* — San Jose, Patag, Sta. Maria, Bul.

Magsisitanggap sila ng tigalawang buwang walang bayad na suskripsiyon ng Panlinggo ng BAGONG BUHAY.

Ipadala ang lahat ng sagot, sa: *PALAISIPAN, Magasin ng BAGONG BUHAY, 920 Lepanto, Sampalok, Maynila.*

(Ang mga ipadadalang sagot na wala sa pangalan ng PALAISIPAN ay hindi pahahalagahan. Ang mga nanalo na sa PALAISIPAN na wala pang tatlong buwan ang nakalilipas magbuhat nang malathala ang mga pangalan ay hindi maaaring papanaluning muli.)


Kalusugan
ang
Inihahandog sa inyo ng
ARAMBULO
Kalakip ang Pagbati ng
Maligayang Pasko
at
Masaganang Bagong Taon!
METRONINA
HEMALTONA
SALAGNAT
HEMALTONA
DIARRIN
ANALGINA
ARAMBULO
ANALGINA Para sa Sakit ng Ulo, Rayuma, Pananakit ng Kalamnan, Kagat ng Maliliit na Hayop at iba pa.
METRONINA Para sa hindi mabuting dating ng Panahon o Regla ng mga babae.
HEMALTONA Simple May Kalsyo at Posporo. Para sa Nanghihina, Hindi Makakain at Marumi ang Dugo.
DIARRIN Para sa Nagdudumi, Nag-iiti o Disenterya.
ANTISEPTINA Para sa Singaw, Namamagang Gilagid, Asim ng Sikmura, Panlabatiba at Pang-iirigasyon.
SALAGNAT Sa Lagnat at Trangkaso.
HEMALTONA Compuesta May Kreosota at Guaiacol. Para sa Namamaos, Tuyot na Ubo, Hindi Mapagkatulog.
BAGAMOT Para sa Ubo, Pulmonia, Brongkitis, Hika.
VITALIN Paghaing Toniko para sa Nanghihina, Mahina ang Baga, at sa lumalaking mga Bata. May Bitamina A, D, at B.
ASPYCAF Para sa Trangkaso, Neuralhia, Sakit ng Ulo, Sipon, Sakit ng Ngipin.
SANGKI Para sa MALARIA
ARAMBULO PRODUCTS, INC.
LABORATORIO Y BOTICA INSULAR
222-236 PLAZA MORIONES, TONDO, MANILA • TEL. 2-77-05

# MGA DAHILAN UPANG MAGDIWANG... ...PASKO at MAKINIS na BALAT

## na dulot ng

# KATIALIS




Ipinaaabot ng gumagawa at tagapamahagi ng KATIALIS ang isang maligayang Pasko sa kanyang mga tagatangkilik.

Papanatilihing ligtas sa karamdaman ang inyong balat. Gumamit na lagi ng KATIALIS. Mabisang pinapagaling nito ang Taghiyawat, Anghit, Kagat ng Maliliit na Hayop, Butlig pagkatapos Mag-ahit, Mga Sugat, Masamang Butlig, Galis, Alipunga, Balakubak, Buni, Ahas, Anan, Pekas, Eksema, Ulsera, Sunog sa Araw, Pigsa, Bulutong Tubig, at iba pa...

Ang KATIALIS ay mabibili sa mga botika o sa Laboratoryo Locre. Mga Halaga: Maliit na sisidlan ₱0.60, Katamtamang laki ₱1.50, Malaki ₱2.80.

## Laboratory Locre

405 SAN LAZARO, MANILA • TEL. 2-68-42

FORMULA: MENTHOL 0.40 GM. SALICYLIC ACID 1.50 GM. RESORCINOL 3.00 GM. ZINC OXIDE 3.00 GM. PRECIPITATED SULPHUR 3.00 GM. BENZOINATED LARD 30.00 GM. OIL OF BERGAMOT Q.S.